



HISTORICAL BULLETIN



HISTORICAL BULLETIN
The Research Journal of the Philippine Historical Association
Volume LI January–December 2017

KAPISANANG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS
The Philippine Historical Association

BOARD OF TRUSTEES (2016–2018)

President DR. EMMANUEL F. CALAIRO *De La Salle University Dasmariñas*
Vice President DR. FERNANDO A. SANTIAGO, JR. *De La Salle University*
Secretary JONATHAN C. BALSAMO *Museo Valenzuela*
Treasurer DR. EVELYN A. SONGCO *University of Santo Tomas*
Public Relations Officer MICHAEL CHARLESTON B. CHUA *De La Salle University Manila*
Editor-In-Chief, *Historical Bulletin*: DR. MA. LUISA T. CAMAGAY *University of the Philippines Diliman*

BOARD MEMBERS

GLORIA E. MELENCIO *University of the Philippines Los Baños*
DR. ESTRELLITA T. MUHI *University of the East (Retired)*
DR. ARLENE D. CALARA *University of Santo Tomas*
JAMES S. GUIDANGEN *Kalinga-Apayao State College*
Representative to the Philippine Social Science Council DR. EVELYN A. MIRANDA
University of the Philippines Diliman (Retired)
**Representative to the National Commission for Culture and the Arts – National Committee on
Historical Research** DR. CELESTINA P. BONCAN *University of the Philippines Manila*

EDITORIAL BOARD MEMBERS

DR. REYNALDO C. ILETO *Nanyang Technological University of Singapore*
DR. ROMMEL A. CURAMING *Univeristy of Brunei, Darussalam*
DR. SATOSHI ARA *Fukushima, Japan*
DR. RAQUEL A. G. REYES *School of Oriental and Affrican Studies, Univeristy of London*
DR. FRANCIS A. GEALOGO *Ateneo de Manila University*

The Historical Bulletin is the official journal of the Philippine Historical Association.

Please address manuscripts, book reviews, research notes, comments and advertisements to THE EDITOR,
Historical Bulletin, c/o Philippine Social Science Council, Commonwealth Ave., Diliman, Quezon City or thru
www.pha.1995.blogspot.com.

The Historical Bulletin is a refereed journal; the editorial staff/reviewers reserve the right to publish or not
articles submitted for review.

Articles in the *Historical Bulletin* do not represent the views of the Philippine Historical Association.

Application to quote or reprint articles in the *Historical Bulletin* should be addressed to THE EDITOR.

Philippine Copyright © 2018 by the Philippine Historical Association.

ISSN 2244-2782

ZENAIDA N. EBALAN
JOURNAL DESIGN AND LAYOUT



THE PHILIPPINE HISTORICAL ASSOCIATION

HISTORICAL BULLETIN
Volume LI
2017







HISTORICAL BULLETIN

Official Journal of the Philippine Historical Association

VOLUME LI

JANUARY–DECEMBER 2017

vii

Editor's Note

1

Ang Mito ng Gintong Orinola: Kakayahan at Kontrobersiya sa Pamamahala ni Elpidio Quirino
Michael Charleston "Xiao" Chua

22

Towards the Happiness and Security of the "Common Man": Agrarian Reform in the Time of President Ramon Magsaysay, 1954–1957
Fernando A. Santiago, Jr., Ph.D.

50

Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino: Isang Kasong Pag-aaral sa Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura
Raul Roland R. Sebastian, DPA
Mark Joseph P. Santos

93

The Origins and Rise of Philippine Political Corruption: On the Diversion of *Kaginhawahang Bayan* by the Elite during the Spanish and American Regimes and its Lasting Impact on Philippine Politics and Administration
Ma. Carmen V. Peñalosa, DPA

138

Regulating the Opium Contract System in the Late-Spanish Philippines: The 1896 Iloilo Inspection Reports
Ferdinand Philip F. Victoria

v







Editor's Note

Without the intention of assessing administrations of past presidents, the collection of papers published in the *Historical Bulletin* curiously became one. Three presidents of the Philippine Republic are the focus of three papers. They are Elpidio Quirino, Ramon Magsaysay and Rodrigo Duterte. Elpidio Quirino is the subject of Michael Charleston “Xiao” Chua’s article “Ang Mito ng Gintong Orinola: Kakayahan at Kontrobersiya sa Pamamahala ni Elpidio Quirino”; Ramon Magsaysay is the focus of Fernando A. Santiago Jr.’s “Towards the Happiness and Security of the Common Man: Agrarian Reform in the Time of President Ramon Magsaysay, (1954–1957); and finally Rodrigo Duterte is the topic of Dr. Raul Roland R. Sebastian and Professor Mark Joseph P. Santos’ “Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino: Isang Kasong Pag-aaral sa Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura.”

The two other papers are also very timely and current since they elaborate on political corruption and the opium contract system. The Duterte administration vows to end political corruption and had declared a war on drugs. The latter may not be related to the current campaign against drugs by the Duterte administration but it looks at another form of “drug” present during the Spanish administration whose exclusive use was for the Chinese in the Philippines. (Reason: Opium was illegal also for mestizos to consume.)

The three articles on previous presidents are assessments of their administration by taking a look at their persona and their accomplishments. Far more than that, the articles interestingly take a look at the cultural underpinnings which shaped them and their administration. Chua argues for instance that Quirino may be studied using the concept of *dunganon* which Alice Magos defines as a person who embodies one or all of the following qualities: wise, confident, righteous, eloquent, charismatic and of exceptional strength. Magos adds that the *datus* and the *babaylans* of pre-colonial Philippines were *dunganons*. Quirino according to Chua was a *dunganon* and taking off from this concept would contextualize the achievements of Quirino such as being “Father of Philippine Foreign Service,” a promoter of social social justice and industrialization, a peace





maker through his negotiations with Huk leaders, and one who espoused regional solidarity among the countries of Southeast Asia. One learns from Chua's article that issue of having bought a "golden orinola or chamberpot" for his personal use was one concocted by the American authorities who found Quirino flexing his independence for the country's interest instead of serving American interest in the country.

Taken from this light, Chua concludes that it is about time to put an end in describing Quirino's administration as a lackluster administration.

Land is a prized possession for Filipinos. This was what Ramon Magsaysay promised the "common man": to own a piece of cultivable land. In his inaugural address, Magsaysay declared: "Land for the landless shall be more than a just a catch phrase. We will translate it into actuality. We shall clear and open for settlement our vast and fertile public lands which, under the coaxing or willing hearts and industrious hands, are waiting to yield substance to millions of our countrymen." The objective of Fernando A. Santiago Jr.'s paper is to look at how the Magsaysay administration addressed agrarian reform in the country. In the three years of Magsaysay as president, the Agricultural Tenancy Act which provided guidelines on tenancy relations and the Land Reform Act of 1955 were passed. Santiago added that with the two laws "a two pronged approach to land reform" was effected: reform in the tenancy relations and the break-up of landed estates. Santiago concluded that Magsaysay Agrarian Reform empowered the Filipino peasant. Through the Agricultural Tenancy Act, peasants were empowered to assert their rights shown by the increased number of cases filed by tenants against the landlords. Santiago added that though the Land Reform Act of 1955 may have not pushed enough land reform, it became the basis of future legislations on land reform such as the 1963 Agricultural Land Reform Code of Diosdado Macapagal.

Barely reaching the middle of the six-year Rodrigo Duterte Administration, the paper of Dr. Raul Roland R. Sebastian and Professor Mark Joseph P. Santos makes an assessment of the rhetoric of the Duterte Administration. The paper asserts that the popularity of the Duterte administration to the Filipino masses is grounded on the Filipino culture. The paper posits that the idea of an authoritarian ruler is not alien to the Filipino culture citing examples of "strong man" such as Lee Kwan





Yew of Singapore, Mahathir Mohamad of Malaysia and Kim Jong Un of North Korea. Presenting Duterte as the father figure to the Filipino people makes comprehensible according to Sebastian and Santos the need to discipline his “children” through the use of strict disciplinary measures. This justifies the Duterte’s war on drugs as well as firing people in government for committing graft and corruption. The use of foul language, the lack of formality, the macho image and his sexist stance according to Sebastian and Santos endears him to the masses instead of alienates them because this is what the masses understand. The paper further explains that this rhetoric of Duterte’s bureaucracy runs counter to a western-inspired bureaucracy set in place after the EDSA People Power Revolution. The paper ends with an interesting question: Does the rejection by Duterte of western-inspired bureaucracy and his acceptance of a bureaucracy grounded on Filipino culture enough to give legitimation to his administration?

The current campaign of the Duterte administration against corruption has much to learn from the paper of Carmen V. Penalosa entitled “The Origins and Rise of Philippine Political Corruption: On the Diversion of “Kaginhawahang Bayan By the Elite during the Spanish and Philippine Politics and Administration.” The paper documents the emergence of political corruption in the Philippines by identifying two sources: the colonial systems of both Spain and the United States and the native elite who were co-opted into the two systems. Penalosa looks into the cultural dynamics of a *pinuno* (leader) and his *sakop* (wards) which was premised on *kaginhawaang bayan* (community wellbeing and welfare). She adds that the *kaginhawaang bayan* as well as the *pinuno-sakop* relations was compromised under the two colonial regimes of Spain and the United States. The *pinuno-sakop* relations was transformed into a patron-client relationship during the Spanish period and into a patronage and spoils politics during the American period. According to Penalosa, gone was the desire for *kaginhawaang bayan* only to be replaced by *pansariling kapakinabangan* (self-aggrandizement) and *ginagawang hanapbuhay ang trabaho* or the “Filipino metaphor for political corruption.”

Ferdinand Philip Victoria’s paper entitled “Regulating the Opium Contract System in the Late Spanish Philippines” discusses the opium





contract system focusing on Iloilo. Using the 1896 Iloilo Inspection Reports, Victoria asserts that the *Inspection Reports* revealed many violations of the contract regarding the establishment of opium dens. One was the absence of a clear signage of the opium establishment, the toleration of private opium establishments and the discrepancies between the list of fumaderos (opium dens) provided by the contractor and the premises visited by the inspectors. Victoria concluded that Spanish colonial authorities turned a blind eye on the violations of the contract as this enterprise brought in money to the colonial coffers. Moreover Victoria showed how power between the colonial government and contractors was contested and renegotiated for the benefit of both. All of this was happening at the close of Spanish rule in the Philippines.

All of the articles are interesting and relevant as they resonate to what is currently happening to the Philippines: the recently concluded 125th birth anniversary of Elpidio Quirino, the comparison being made between Ramon Magsaysay and Rodrigo Duterte as charismatic leaders, the campaign against corruption by the Duterte Administration and lastly the campaign against drugs.

For the above mentioned reasons, this particular issue of the Historical Bulletin makes an interesting read.

MA. LUISA T. CAMAGAY





Ang Mito Ng Gintong Orinola: Kakayahan at Kontrobersiya sa Pamamahala ni Elpidio Quirino

MICHAEL CHARLESTON “XIAO” CHUA
De La Salle University

Abstract

Sa Kamaynilaan, may Quirino Highway at Quirino Avenue. Sa Norte Luzon, mayroong Quirino Province. Sa buong bansa, may iba’t ibang Quirino *schools*. Ngunit sa pag-aaral ng kasaysayan ng bansa, dinadaan-daan lamang si Pangulong Elpidio Quirino.

Ang pagdiriwang ng ika-125 taong kaarawan ng unang pangulong Ilocano, ang orihinal na Apo Lakay, nitong nagdaang November 16, 2015 ay isang pagkakataon sa ating nasyon na muling balikan ang maraming pamana ng kanyang administrasyon.

Ngunit, simula nang matalo siya sa halalan ng 1953 kay Ramon Magsaysay, ang naalala ng marami ay ang mga kontrobersiya ng korupsiyon sa kanyang administrasyon.

Batay sa iba’t ibang mga lathalain ukol sa pamumuno ni Quirino, at sa mismong mga talumpati at alaala ni Quirino, titingnan ng papel na ito ang iba’t ibang salik na nakaapekto sa imahe ni Quirino sa kabila ng masasabing “competent leadership” sa lente ng mga dalumat ng “Kasaysayang Buhay,” “Dunganon nga Tawo” at ang datu bilang “Tagapagpamudmod ng Ginhawa.”

Tatapusin ang papel ng ilang paglilista ng mga mahahalagang mga naisakatuparang ng Administrasyong Quirino, mga bagay at mga konsepto na atin na ngayong isinasawalang-bahala. Lilinawin ang paglalarawan sa administrasyon ni Quirino bilang “uneventful.”

Sa huli, ang papel ay magpapanukala ng isang pagtingin sa ating mga nakaraang mga pinuno na kinuha ang halimbawa mula sa mga Amerikanong *presidential biographers*—na upang maging ganap at tunay





na matuto sa kasaysayan ay kailangang talakayin ang mga negatibo at positibong aspekto ng pamumuno ng isang lider.

Panimula

Sa Kamaynilaan, may Quirino Highway at Quirino Avenue. Sa Norte ng Luzon, mayroong Quirino Province. Sa buong bansa, may iba't ibang Quirino *schools*. Ngunit sa pag-aaral ng kasaysayan ng bansa, dinadaan-daan lamang si Pangulong Elpidio Quirino.

Ang pagdiriwang ng ika-125 taong kaarawan ng unang pangulong Ilocano, ang orihinal na Apo Lakay, nitong nagdaang November 16, 2015 ay isang pagkakataon upang muling balikan ang maraming pamana ng kanyang administrasyon.

Ngunit, simula nang matalo siya sa halalan ng 1953 kay Ramon Magsaysay, ang naalala ng marami ay ang mga alegasyon ng korupsiyon sa kanyang administrasyon. Kapartido niya ang siyang nagwika ng sikat na katagang, “What are we in power for?” Mayroon ding alegasyon na ginamit ng kanyang kapatid na si Antonio ang kanyang tanggapan para sa kapakinabangan ng kanyang mga negosyo. Liban sa pagiging elitista at mahilig mag-*party*, bumili siya diumano para sa sarili ng isang Php 5,000.00 kama sa Palasyo, at na mayroon siyang pagmamay-aring isang gintong orinola.

Batay sa iba't ibang mga lathalain ukol sa pamumuno ni Quirino at sa mismong kanyang sariling talambuhay, titingnan ng papel na ito ang iba't ibang salik na nakaapekto sa imahe ni Quirino sa kabila ng masasabing “competent leadership” nito, isang pangulong sinikap, ngunit nabigo na pigilin ang korupsiyon ng mga nasa pamahalaan, sa kabila rin ng pruweba na siya mismo ay hindi nandambong.

Ipakikita rin ng papel ang isang mundong kaiba mula sa ating kinabubuhayan ngayon—isang mundong ang kaliit-liitang bintang ng *graft* ay napapalalaki ng midya at ng *Counter Intelligence Agency* (CIA) ng Estados Unidos. Nabahiran ang imahe ni Quirino lalo na nang magupo ito ng karamdaman sa gitna ng Halalang 1953 upang maibadha ang isang pinunong populista na may mensahe ng pagbabago.

Tatapusin ang papel ng ilang paglilista ng mga mahahalagang mga naisakatuparang ng Administrasyong Quirino, mga bagay at mga konsepto





na atin na ngayong isinasawalang-bahala. Lilinawin ang paglalarawan sa administrasyon ni Quirino bilang “uneventful”—o walang anumang mahalagang nangyari.

Sa huli, ang papel ay magpapanukala ng isang pagtingin sa ating mga nakaraang mga pinuno na hiniram ang halimbawa mula sa mga Amerikanong *presidential biographers*—na upang maging ganap at tunay na matuto sa kasaysayan ay kailangang talakayin ang mga negatibo at positibong aspekto ng pamumuno ng isang lider.

Ang Konsepto ng Kasaysayang Buhay at “Gamhanan nga Tawo”

Sa panahon ngayon, ang preokupasyon ng maraming akademiko ay sa pag-aaral ng Kasaysayang Panlipunan o “History from Below,” iyon bang ang tuon ay ang kasaysayan ng mga ordinaryong mamamayan sa pangkalahatan kaysa sa mga indibidwal na mga talambuhay, lalo na ang talambuhay ng mga lider. Subalit, hindi pa rin maipagkakaila na na may halaga pa rin ang pag-aaral ng biograpiya/talambuhay dahil magandang unawain kung paano ang isang tao ay produkto ng panahon at kung paano niya hinuhubog ang panahon ayon sa kanyang kilos.

Bagama’t madalas ang tuon ng *Bagong Kasaysayan* ay ang kasaysayang panlipunan, may saysay pa rin ang pag-aaral ng biograpiya. Sa kanyang introduksyon sa kanyang kapanahong akda ukol sa dating pangulong Joseph Ejercito Estrada, ipinaliwanag ni Dr. Zeus A. Salazar ang konsepto ng Kasaysayang Buhay:

Salaysay na may saysay para sa isang grupo ng tao ang kasaysayan. Ang talambuhay naman ay salaysay na may saysay para isang tao—at para sa kanyang kapwa o kapanalig na rin—bilang bahagi ng lipunan at kalinangan, higit sa lahat ng panahon, na kanyang kinabibilangan. Matindi ang pagkakaugnay ng mga tao at ng kasaysayang kanilang nililikha—lalo na yaong nakahawak ng kapangyarihan bunsod ng pagiging pinuno. . . . ay may katuturan hindi lamang sa kanyang sarili, kaanank at kapanalig kundi lalo’t higit, sa kanyang kapanahon at kababayan—gayundin, bilang simbolo ng isang sukdulang yugto nito, sa buong Kasaysayan ng Kapilipinuhan (Salazar 2005, xiii–xiv).





Hindi iisa ang kasaysayan. Ang biograpiya ay bahagi ng tatlong uri ng kasaysayan ayon kay Dr. Jaime B. Veneracion:

. . . masasabing ang kasaysayang pang-isahan lamang ay tinatawag na **talambuhay**, ang pangkomunidad ay **kasaysayang lokal**, ang pangmaramihan o pambansa ay **kasaysayang nasyonal**. Bukod dito, bawat institusyon sa komunidad at sa bansa ay nakabubuo rin ng sariling kasaysayan. Layunin ng mga historyador na bigyan ng pangkabuuang perspektibo ang lahat ng ito sa pamamagitan ng isang balangkas ng mga pangyayari (Veneracion 1997, 6, hindi akin ang giit).

Kasaysayan Pang-isahan naman ang tawag dito ni Prop. Atoy M. Navarro:

. . . bagamat tinitingnan bilang sentral ang mga indibidwal o personahe, mahalaga pa ring tingnan ang mga ito nang hindi hiwalay sa kabuuang kabihasan. Mahalaga ang pagpapaloob ng pangkasaysayang talambuhay sa kabuuang kalagayan at kalakaran ng iba't ibang aspeto—istruktura, institusyon o sektor pangkabihasan (Navarro 2000, 5).

Samakatuwid, kailangang basahin ang ating mga pinuno batay sa mga konseptong kultural na nagmula sa Pilipinas bilang bahagi ng kamalayan. Sa aking tesis masterado na *Ang Maynila ni Imelda: Isang Kapanahong Kasaysayan ng Pagbabagong-Anyo ng Metropolitan Manila (1965–1986)* (Chua 2010), isa sa aking mga ginamit upang basahin ang Unang Ginang ay ang Bisayang konsepto ng *dungan*, na dinalumat ni Dr. Alicia Magos sa kanyang etnograpiya ng isang pamayanan ng Kinaray-a sa Antique. Sa aking pagbasa, makikita ang katumbas na konsepto sa iba't ibang pamayanan sa Pilipinas, lalong-lalo na sa Ilocos sa mga paglalarawan sa mga *Apo* tulad ni *Apo Lakay Quirino* at *Apo Lakay Marcos*. Para kay Magos, ang *dungan* ay:

A life force, an energy, as well as an ethereal entity, a spirit with a will of its own that resides in the human body and provides the essence of life. Apart from denoting an alter ego and soul stuff, the dungan as presently understood refers to such personal attributes as willpower, knowledge and intelligence, and even the ability to dominate and persuade others (Magos 1992, 47–50).





Para kay Magos, *dunganon* ang isang tao kung mayroon siya ng isa o lahat ng mga katangiang ito: 1. Matinding katalinuhan, malawak na kaalaman at matalas na kaisipan; 2. May malakas na paninindingan at kumpyansa sa sarili; 3. Lumilikha ng yaman at may maningning na reputasyon; 4. Matatas magsalita at may karisma; at 5. May kakaibang lakas.

Ang lahat ay may *dungan*, ngunit may ilan na may malakas ang *dungan*. Sa sinaunang bayan, ang karaniwang *dunganon* ay ang mga datu at babaylan (Magos 1992).

Sa ganitong paglalarawan, makikita na si Quirino ay *dunganon nga tawo* nga siya na tulad ng sinaunang mga datu na may responsibilidad sa bayan na magpamudmod ng ginhawa. Subalit, ang mga kontrobersiyang pulitikal sa kanyang panahon at gayundin ang kanyang pagkakasakit ang siyang nagpahina sa kanyang *dungan* kaya naman sa huli ay nanghina rin ang kumpiyansa ng tao sa kanya.

Pagpapalakas ng Dungan: *From Guro to Pangulo*

Si Elpidio Quirino ay isinilang sa kulungan ng Vigan noong November 16, 1890. Isinilang siya doon hindi dahil kriminal ang kanyang mga magulang ngunit dahil ang kanyang ama na si Don Mariano ay *warden* ng karsel na iyon.

Nag-aaral pa lamang siya ng mataas na paaralan nang noong 1906, sa edad na 16, ay kinuha na si Pidiong bilang guro ng elementarya nang mangailangan ang barrio ng Caparia-an, Agoo, La Union. Limang buwan siyang naging guro doon (Lopez 1990, 8).

Mula sa kaniyang ipon, lumipat si Quirino sa Maynila at nagpatuloy bilang *working student* sa Manila High School hanggang nakatapos siya ng abogasiya sa Universidad ng Pilipinas noong 1915. Si Quirino mismo ay hindi mayaman subalit napangasawa niya ay mula sa isa sa pinakamayamang angkan sa Vigan, si Alicia Sy-quia. Nang madiskubre siya ni Senate President Manuel Quezon, nagsimula na ang kanyang pag-angat sa pulitika at nagtamo ng *dungan*: naging mambabatas, senador, miyembro ng Independence Mission at delegado ng Constitutional Convention. Humawak din siya ng mga posisyon sa gabinete. Siya rin ang unang dekanong Adamson University College of Law (Lopez 1990, 9-35).





Ikalawang Digmaang Pandaigdig: Ang Pagsubok na Magpapatibay kay Quirino

Ang pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas ay malaking dagok sa buhay ni Apo Pidiong. Sa pagsuporta niya at ng kanyang kapatid na si Antonio sa mga gerilya, sila ay inaresto at 15 araw na kinulong sa Fort Santiago ng mga Hapones (Robles 1990, 48).

Sa nalalapit na pagdating ng mga Amerikano, tinanggihan niya ang mungkahi na tumungo na siya at ang kanyang pamilya sa Baguio. Tinamaan ng bomba ang kanilang duplex na tinitirhan sa Maynila at dahil dito ay naatake sa puso ang ina ni Alicia at kinailangan nilang lumipat sa katabing bahay (Robles 1990, 48–49).

Noong February 12, 1945, habang sinusubukang lumipat ng lugar ang pamilya Quirino dahil sa dinaranas na pagkagutom, pinagbabaril sila ng mga kawal ng *Japanese Navy*. Nasawi ang anak niyang si Norma at ang asawang si Alicia na kalong-kalong ang anak na si Fe Angela, na siniguradong patay sa pamamagitan ng bayoneta. Natamaan ng shrapnel si Armando habang binabawi ang mga katawan ng kapamilya.

Sa mga sandaling iyon, si Elpidio ay nagbabalot pa lamang ng mga damit at hindi pa nakalalabas. Nang makita ang katawan ng mga mahal sa buhay tila tumigil ang kanyang mundo. Nang wala na ang mga Hapones, bumalik siya sa kanilang tahanan at nakitang buhay pa ang kanyang mga anak na si Vicky at si Tommy na nakatakbo mula sa eksena, bagama't ang babae ay sugatan sa binti.

Si Quirino, na isa sa naging pinakamataas na tao sa bansa, ay nagpabalik-balik na tumawid sa Ilog Pasig buhat-buhat ang mga nasawing kapamilya, siyam lahat kabilang ang iba pang mga kamag-anak, upang bigyan ng maayos na libing. Wala na ang kanyang asawa at tatlo sa kanyang limang anak (Robles 1990, 49).

Pagkaraan ng giyera, nagpatuloy ang panunungkulan ni Quirino sa pamahalaan. Bilang Bise Presidente ni Manuel Roxas, si Quirino ay hinirang na Kalihim ng Ugnayan Panlabas.

Ama ng *Philippine Foreign Service*

Sa muling pagtatag ng pamahalaan matapos ang digmaan, hinirang ni Pangulong Manuel Roxas na unang Kalihim ng Ugnayang Panlabas ng





Ikatlong Republika si Elpidio kasabay ng pagiging Pangalawang Pangulo noong 1946. Ayon kay Dr. Ricardo José, historyador ng Kasaysayang Diplomatiko mula sa UP Departamento ng Kasaysayan, gamit ang karanasan sa pagsama-sama kay Quezon bilang kanyang kalihim sa mga Independence Missions sa Estados Unidos at *exposed* sa pakikipag-usap sa mga matataas na opisyal na mga dayuhan, itinatag ni Quirino ang Department of Foreign Affairs “from scratch.”

Maliban sa mga Pilipinong nagsanay sa Estados Unidos ng diplomasya na tinawag na mga “State Department Boys,” kulang ang bilang ng mga maaaring magtrabaho sa Departamento ng Ugnayang Panlabas. Kailangan ng hindi pangkaraniwang kasanayan sa pakikipagnegosasyon sa mga taong magtatrabaho dito. Kaya naman, si Quirino mismo ang pumili ng pinakamagagaling at pinakamatatalino na pumasok sa departamento, tulad ng sinabi ni Dr. José, “*But since the department was still being built, its first members were appointed directly, based on Secretary Quirino’s recommendation.*” (Jose 2015)

Marami sa mga pinili niya ay ang mga peryodista, mga makata at mga intelektuwal ssa kadahilanan na ang mga ito ay maalam ngunit maingat magsalita at maayos pumili ng mga gagamiting salita. Ito ang panahon na napakataas ng tingin ng mga tao sa mga nasa propesyon ng pagsusulat.

Hindi naglaon, kanyang ipapatupad ang mga eksamen para sa mga magiging diplomat (Jose 2015).

Nakapagbukas din tayo ng diplomatikong relasyon sa 27 bansa. Isang kahanga-hangang tagumpay sa isang maliit at bagong bansa pa lamang.

Sa kanyang pakikipagnegosasyon sa mga Amerikano, sinikap niyang itaguyod ang interes ng mga Pilipino. Bagama’t mahirap. Nasabi nga ng isang Amerikanong *diplomat* ukol sa kanya, “*The trouble with Quirino is that he is taking Philippine Independence too seriously.*” (Lopez 1990, 170) Nagawa niyang bawasan ang mananatiling base militar sa Pilipinas mula 70 hanggang 23 na lamang (Quirino 1990, 227).

Nang siya’y nagging pangulo, nagawa niyang kumbinsihin ang mga Amerikano na gawing *iron clad* ang kanilang pagtatanggol sa Pilipinas kung sakaling manganib ang bansa sa pamamagitan ng paghingi ng Mutual Defense Treaty, na hanggang ngayon ay batayan ng ating pakikipagkaibigan sa Estados Unidos (Lopez 1990, 98).





Isang indikasyon na tumitingin na sa ibang lugar liban sa Amerika si Quirino ay ang pagpapahalaga niya sa Asya. Noong May 26–30, 1950, pinulong ni Quirino ang Southeast Asia Union Conference sa Lungsod ng Baguio, kilala sa tawag na Baguio Conference. Nagbunga ang pulong ng mga hakbang tungo sa pagtutulungan ng mga bansang Pakistan, Thailand, India, Ceylon, Australia, Indonesia at Pilipinas sa mga usapin ng kultura at ekonomiya (Quirino 1955, 224–227; Lopez 1990, 99).

Iminungkahi ni Quirino ang isang samahan ng mga bansa na tatawaging Pacific Union upang pagkaisahin ang mga bansa sa Asya-Pasipiko na magtulungan sa isa't isa. Kaso hindi tinangkilik ng Amerika at India ang mungkahi dahil sa iba-iba ang isinusulong na ideolohiya ng mga bansang bubuon nito. Panahon iyon ng Cold War at ilag ang US sa mga komunistang bansa tulad ng People's Republic of China (Quirino 1990, 270; Lopez 1990, 100–101).

Masyado pang maaga sa panahon ang ideya ni Quirino.

Pagdating ng panahon, Amerika na mismo ang magsasakatupag ng ideya ni Quirino sa pamamagitan ng pagtatatag ng South East Asia Treaty Organization (SEATO) sa pag-igting ng Cold War. Ipagpapatuloy rin ang pakikipagtulangang ekonomiko at kultural ng mga bansa sa mga samahang itatatag pagdating ng panahon—Malaysia-Philippines-Indonesia (MAPHILINDO), Association of South East Asian Nations (ASEAN) at ang Asia Pacific Economic Cooperation o (APEC) na nagpulong sa Maynila noong Nobyembre 2015, nataon na linggo ng ika-125 taong kaarawan ni Quirino.

Ayon sa Pangulo ng UN General Assembly na si Carlos P. Romulo, "*He was responsible for creating the Department of Foreign Affairs and launching it on the international map. When he became President, Quirino defended the foreign service from the intrusion of politicians, and refused to appoint any ambassador who did not deserve it, in spite of political pressures.*" (Gleek 1993, 144)

Ayon kay Dean Gloria Santos ng Philippine Historical Association, "*Quirino is regarded as the Father of Foreign Service for as the first secretary of foreign affairs, he was responsible for the establishment, development, and growth of the foreign service.*" (Santos 1999, 193)





Ang Limang Libong Pisong Kama

Ngunit ang administrasyon ni Quirino ay nabalot ng mga alegasyon ng korupsiyon na nagpahina sa *dungan* nito at tuluyang ikinabagsak sa Halalan ng 1953.

Bago pa ang halalan ng 1949, nagsampa ang ilang mambabatas ng kasong *impeachment* kay Quirino. Kung anu-ano ang ibinintang sa Pangulo at sa kapatid nitong si Judge Antonio Quirino. Kabilang na ang diumano ay Php 5,000.00 kama na binili ni Quirino para higaan sa Palasyo (Quirino 1990, 195; Robles 1990, 121). Tila tumugma sa elitistang imahe ni Quirino na kahit mahirap, ay laging nais na magmukhang presentable, naka-amerikana, mahilig magsaya kaya raw gustong mamuhay ng marangya.

Ngunit bumili siya ng kama dahil dinala ni Unang Ginang Trining Roxas ang kama sa palasyo dahil wala na siyang matutulugan at matuluyan. Matapos rin ang digmaan, kailangang ayusin ang palasyo at lagyan ng muebles upang tumugma sa dignidad ng Palasyo bilang tahanan ng Pangulo ng isang bansa (Quirino 1990, 195–196; Robles 1990, 121).

At nang tingnang mabuti, nagkamali lamang ang *accountant* na naglagay ng presyo sa kama, mas maganda pa at mas marangya ang kama nilang mag-asawa sa Syquia Mansion sa Vigan! Kahit ang mga peryodistang pinakitaan ng kama ay naniwalang baka Php 300 lamang ito (Quirino 1990, 196).

Kahit mga kalaban ni Quirino hindi naniwala sa mga alegasyon sapagkat natalo sa kamara ang *impeachment resolution* sa bilang na 58–9 (Quirino, 197; Robles 1990, 122).

Isang sulat ang natagpuan ng tila yamot na kapatid ni Quirino na si Judge Tony sa kanyang kapatid na pangulo ng Pilipinas na may petsang April 5, 1949 na nagsaad ng ganito:

“Paradoxical as it may seem, my relationship with you—instead of being an asset—has redounded to my disadvantage. I realize how impossible it is for filthy minds to grasp the assertion that being the President’s brother has not benefitted me at all. On the contrary, it has interfered in my pursuits which, even before you became President, already had the makings of a successful





enterprise—even if I have to say so myself—thanks to my business associates and connections, and certainly not to my relationship with you.” (A. Quirino 1949, 2)

Si Judge Tony Quirino ang magtatatag ng Alto Broadcasting System, ang unang maglalagay ng telebisyon sa Pilipinas, na magiging ABS-CBN.

“Ang Gintong Orinola”

Kapag itinuturo siya sa mga klase ng kasaysayan, liban sa pagbanggit sa korupsiyon diumano ng kanyang administrasyon, isinasama siya sa napakalawak na dikusyon ng neo-kolonialismo matapos ang digmaan—ang mga pangulo na lubos na naimpluwensyahan ng mga Amerikano. Sa katunayan, mas masalimuot ang katotohanan.

Bagama’t kailangan niyang maging makipagkaibigan sa mga Amerikano dahil panahon iyon ng Cold War, binalanse niya ito at sa maraming pagkakataon ay ginawang prayoridad ang mga komitment sa United Nations at pinrotektahan ang interes ng Pilipino (Lopez 1990, 170). Kaya naman, dahil dito, hindi lamang ang mga kalaban niya ang sumira sa kanya, tumulong na rin ang Central Intelligence Agency o CIA upang siraan siya, na kanyang ikinatalo sa halalang 1953 (Lopez 1990, 138–141).

Ipinangalandakan ng mga kritiko niya ang isang iskandalo na ibinunyag ni Senador Lorenzo Tañada, na mayroon daw siyang Gintong Orinola. Ang orinola o *chamber pot* ay inilalagay sa tabi ng kama para ihian (Robles 1990, 119–125).

Muli, tila tumugma ito sa imahe ni Quirino na kahit nanggaling sa hirap, laging nais magmukhang presentable kaya napagkakamalang elitista.

Epektibo ang paninira, tumutugma ang ginto sa simbolo ng karangyaan at korupsiyon na inuupuan lamang ni Quirino sa umaga. Subalit ayon sa kanyang anak at Unang Ginang na si Victoria Quirino na tumunghay sa kanyang ama, kahit maysakit, ayaw gumamit ng ama niya ng orinola at medyo nayayamot ang mga nars sapagkat nagpapapilit na dalhin siya sa banyo (Gonzales-Meyer 2015).

Maging ang mga manunulat at mga peryodista noong panahon na iyon ang nagsasabi na haka-haka lamang ito. Ayon kay Francisco Sionil José ang paratang na ito ay mas simboliko kaysa literal (Sanchez 2015)





Ngunit kung titingnan ang mga pag-aaral ukol kay Quirino, totoo nga na nahirapan siya na tanggalin ang korupsiyon. May mga namana siyang mga iskandalo, tulad ng ilegal na pagbebenta ng mga *war surplus* upang pagkakitaan ng ilang mga opisyal ng pamahalaan matapos ang digmaan (Quirino 1990, 25–48). Mismong mga kapartido niya ang naging kanyang sakit ng ulo. Pinaimbestigahan niya mismo ang Pangulo ng Senado na si Jose Avelino dahil dito. Ngunit sa isang pulong sa bahay kubo sa tabi ng Palasyo, sinabi diumano ni Avelino kay Quirino, “*Why did you have to order an investigation Honorable Mr. President? If you cannot permit abuses, you must at least tolerate them. Para que estamos en poder? What are we in power for?*” (Quirino 1990, 73) Nasuspindi si Avelino bilang Pangulo ng Senado, nagtatag ng isang paksyon ng partido na tumakbo laban mismo kay Quirino sa pagkapangulo noong 1949 (Quirino 1990).

Kritikal ang pagtasa ng Amerikanong historyador na si Louis E. Gleeck, Jr. kay Quirino:

No Philippine president was so viciously trashed by the media, Philippine and foreign, as Pres. Elpidio Quirino. In the process, the quite remarkable progress in economic development and foreign affairs achieved by the president during his term of office has been badly neglected. On the other hand, there is no defense possible of his toleration of growing corruption and violence perpetrated against political opponents by his associates and subordinates (Gleeck 1993, 80).

Ang pinakasikat na kaso ng karahasan na ginawa ng mga tauhan ng isang kapartido ng Pangulo ay ang brutal na pagpatay ng mga tauhan ni Gobernador Rafael Lacson ng Negros Occidental sa isang dating gerilya na si Moises Padilla na tumakbo laban sa isang bata ng gobernador sa bayan ng Magallon. Ngunit, agad namang kinasuhan si Lacson sampu ng kanyang mga tauhan at nahatulang maysala.

Bagama’t masasabing nahirapan si Quirino na pigilin ang mga anomalya sa pamahalaan, masasabing siya mismo ay hindi makikitaan ng indikasyon ng pandarambong dahil buong buhay niya iisa lamang ang kanyang biniling ari-arian: ang kanyang huling tahanan sa Novaliches, kaya naroon ang Quirino Highway (Lopez 1990, 168). Ang iba ay ari-arian





na ng kanyang asawang mayaman na nasawi noong digmaan kasama ng halos kanyang buong pamilya. Ang kanyang pamilya rin ay nagpatuloy na mamuhay ng marangal matapos siyang mamatay noong 1956.

Sa kanyang katandaan, naitala na mismong si Senador Tañada, isa sa pinakamatinding kritiko ni Pangulong Quirino ang nagsabi, "*When I meet my political friends, I often tell them that I am ashamed for having attacked President Quirino . . . when millions were wasted by President Marcos.*" (C. Quirino 1987, 194)

Noon, ang diumano'y limang libong piso lamang na kama at ang mitolohikal na orinola ay naging malaking usapin noong panahon ni Quirino. Kaiba sa ngayon, ang mga isyu ng korupsiyon ay bilyon ang pinag-uusapan subalit patuloy pa rin nahahalal ng taumbayan. Tila may persepsyon na ang ilan sa atin na ang korupsiyon ay natural na kalakaran na lamang sa pamahalaan at tanggap na nila ito.

Pagpapamudmod ng Ginhawa: Industriyalisasyon at *Social Justice*

Sa kabila ng mga kontrobersiya, maraming mga magagandang inisyatibo ang Administrasyon ni Elpidio Quirino upang mapabuti ang buhay ng mga mamamayan.

Si Quirino ang kauna-unahang pangulo na naghawi ng daan tungo sa industrialisasyon ng bansa. Ngunit hindi lamang ito sa mga salita at mga talumpati, kongkreto niya itong ipinakita sa pagtatatag ng mga *hydroelectric plants* tulad ng Ambuklao Dam sa Luzon at Maria Cristina Fall hydroelectric at fertilizer plants sa Mindanao. Nagpatayo ng irigasyon sa mga Ilog Agno at Pampanga at nagpamahagi ng lupa sa Isabela, Cotabato, Bukidnon at Lanao. Siya din ang lumagda ng batas na nagtatatag ng Central Bank of the Philippines, ang pangunahing institusyon ng pananalapi sa Pilipinas (Lopez 1990, 169–170; Robles 1990, 214–215).

Gayundin hindi niya kinalimutan ang kanyang pinagmulan. Malapit-lapit sa bituka ng mga tao ang pagsulong niya ng *Minimum Wage Law*, ang pag-amyenda sa *Women's Compensation Act* at ang *8-hour Law*. Sa kanya rin inisyatibo ang paglalaan ng pabahay para sa mga ordinaryong empleado ng pamahalaan. Makikita ito sa pamamagitan ng Quirino District na binubuo ng Projects 2, 3 at 4. (Lopez 1990, 170; Robles 1990, 215).





Usapang Pangkapayapaan

Alam ni Quirino na maipapatupad lamang ng mas malawakan ang kanyang mga proyekto kung maisusulong ang usaping pangkapayapaan.

Matapos ang digmaan, muling namundok ang mga gerilyerong Huk sa pamumuno ni Luis Taruc nang patalsikin siya sa kongreso. Para sa mga Amerikano, mga rebeldeng komunista ang mga Huk na kailangang sugpuin. Kaya sinunod ni Pangulong Roxas ang mas matigas na lapit na ito. (Robles 1990, 65). Subalit nang pumalit ang kanyang Pangalawang Pangulo na si Quirino, kanyang ipinahayag na ang kasalukuyang polisiya noon sa mga Huk ay kailangang irekonsidera. Para sa kanya ang mga Huk ay may mga lehitimong mga karaingan na kailangang tugunan (Quirino 1990, 10; Robles 1990, 65).

Upang ipakita ang sinseridad na makinig sa lehitimong karaingan ng mga Huk, tumungo si Quirino sa ilang mga bayan sa Bulacan, Nueva Ecija, Tarlac at Pampanga na tinatawag na Huklandia noong April 29, 1948 nang walang masyadong bantay upang patunayan na lokal lamang na rebelyon at hindi pambansa ang Rebelyong Huk. Dito niya nakita na may mga alkalde sa mga lugar na ito ay hindi pumapasok sa munisipyo sa takot sa Huk. Matapos ang pagbisita, natuwa ang lahat na umuwi ng ligtas ang Pangulo. Kontrolado niya ang sitwasyon at sinsero siya sa pakikipag-usap sa mga rebelde (Quirino 1990, 12–14; Robles 1990, 66–67).

Tinanggap ni Taruc ang alok ni Quirino at sa isang sulat kay Quirino ay sinabing karapatan ng pinaka-abang mamamayan na makausap ang kanyang Pangulo. Mismong kapatid ni Elpidio na si Antonio ang nakipag-usap kay Taruc (Quirino 1990, 10, 14; Lopez 1990, 113).

Pumayag na bumaba si Taruc sa kabundukan upang makipag-usap. Pinatuloy siya sa mismong tahanan ni Quirino, sa kabila ng dami ng mga otel na mayroon na noon (Quirino 1990, 17; Robles 1990, 70–72). Dito makikita na nais makipag-usap ni Quirino sa mga rebelde bilang kapamilya niya.

Noong June 21, 1948, bumaba si Taruc mula sa kabundukan at pumasok sa tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas sa Palasyo ng Malacañan. Binasa ni Quirino ang proklamasyong Amnestiya sa mga Huk kung magbababa nang armas (Quirino 1990, 16–17; Robles 1990, 72–73).





Minsan ding nag-organisa si Taruc ng pulong para kay Quirino sa Bulacan, at nagbunyi ang lahat (Quirino 1990, 20; Lopez 1990, 115).

Ngunit nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan. Nais ni Taruc na kumalas na sa mga Amerikano ang pamahalaan bagay na hindi madaling gawin. Hindi agad napatupad ang ilang naipangako ni Judge Tony Quirino sapagkat patuloy na nagkaroon ng pagsalakay sa mga rebelde at hindi naipamudmud ang mga lupaing hinihingi. Kakaunting Huk naman ang nagbaba ng armas at di naglaon, bumalik si Taruc sa kabundukan (Quirino 1990, 20-24; Lopez 1990, 116). Noong 1949, pinatay ng mga Huk sa isang ambush ang kabiyak ng kanyang *mentor* na si Manuel Quezon, si Doña Aurora Aragon Quezon noong 1949.

Sa kabila nito, ilan sa mga kahilingan ng mga Huk ang ipinatupad pa rin niya: ang *social amelioration program*, na pagdating ng panahon ay magiging Social Security System; ang pagpapautang para sa kagamitan at pangangailangan sa pagtanim ng mga magsasaka; at ang pagpapautang para sa pagpapatayo ng pabahay, na sa pagdating ng panahon ay magpapatuloy sa pamamagitan ng PAGIBIG Fund (Lopez 1990, 115).

Pamana sa Pag-alala ng Kasaysayan

Bata pa lamang si Pidiong ay kinakitaan na siya ng interes sa kasaysayan. Sa kanyang paglalakad ng limang kilometro araw-araw mula sa Agoo tungo sa Caparia-an ng maging isang binatilyong guro sa *public school*, naisip niyang ang ginagawa niya ay kasintulad rin ng karanasan ni Abraham Lincoln. Binasa niya ang unang talambuhay ni José Rizal na inakda ni Wenceslao Emilio Retana na *Vida y Escritos de Jose Rizal* kaya naman naging idolo niya ang ating National Hero (Lopez 1990, 8; C. Quirino 1987, 23-24).

Nang maging Pangulo ng Pilipinas, dahil nawasak ng digmaan ang iba't ibang rekord ng pamahalaan sa mga bayan at lalawigan sa buong Pilipinas, inatasan niya ang mga guro sa pampublikong paaralan na ipunin at isulat ang kasaysayan ng bawat lokalidad sa Pilipinas, bawat barrio, bayan at lalawigan. Ang mga rekord na ito ay kolektibong nakilala bilang *Historical Data Papers* at maaakses sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Isang malaking tulong sa mga lokal na historyador ang koleksyong ito.





Gayundin sa pamamagitan ng Republic Act No. 597, kanyang itinanghal ang Fort Santiago bilang pambansang dambana na makikilala bilang “Shrine of Freedom” sa alaala ni Rizal at ng isang pulutong ng mga pambansang bayani at martir “*who had been confined and lost their lives within said premises*” noong March 6, 1951 (Congress of the Philippines 1951).

Siya rin ang nagsimula na pagpapinta ng iba’t ibang mga larawan ng mga naging Pangulo ng Pilipinas upang sila ay maalala ng may dangal. Isang tradisyon na ipinagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Ito ang mga larawan ng mga pangulo na ating makikita sa mga *postcards at posters* na ginagamit natin sa paaralan.

At sa pamamagitan ng Executive Order no. 145, iniutos niya ang muling pagtatayo ng bahay ni Rizal. Ito ay pinangunahan ni Arkitekto Juan Nakpil, magiging Pambansang Alagad ng Sining, at tinustusan ng kontribisyon ng iba’t ibang batang estudyante ng Pilipinas. Natapos ang gusali noong 1950.

Kung mapapansin, marami sa mga pamanang pangkasaysayan na ito ni Quirino ay mga bagay na mahalaga pa rin sa atin ngayon.

Malasakit: Komitment sa United Nations, Kapayapaan at Pakikipagkapwa-tao

Noong kalihim pa lamang siya ng Ugnayang Panlabas, binalangkas na ni Quirino ang magiging “Four Pillars of Philippine Foreign Policy”: (1) *Close cooperation with the United Nations*, (2) *Close relations with the United States*, (3) *Friendly relations with neighboring countries* at (4) *Devotion to world peace*.

Mapapansin, hindi ang United States ang kanyang prayoridad kundi ang United Nations. Ang prayoridad sa United Nations ay nilayon ang pagsuporta sa dekolonisasyon ng ibang mga bansa, paggalang sa karapatang pantao at pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa daigdig. Ipinamalas ito ni Quirino sa tatlong pangunahing aksyon: ang pagtanggap sa mga pagtanggap sa mga *White Russians*, pagsali natin sa Korean War at pagpapatawad at pagpapauwi sa mga bihag na Hapones sa Pilipinas.

Ang mga *White Russians* ay ang mga residente ng Rusya na tagasuporta ng Czar at mga anti-komunista na tumakas noong panahon ng Bolshevik





Revolution noong 1917 patungo sa Tsina. Ngunit nanganib ang buhay nila dahil sa pagwawagi ng mga Komunista sa Tsina. Lumikas sila ngunit walang bansa sa daigdig ang gusting tumanggap sa kanila. Hindi ito nakapagtataka, dahil kakatapos pa lamang ng digmaan at ang mga bansa ay problematiko pa rin sa kani-kanilang mga suliranin. Ang bilang ng *White Russians* na naghahanap ng bansang kukopkop sa kanila. (Kwan 2015).

Sa kabila nito, si Quirino lamang ang tanging pinuno sa mundo na dagling kumupkop sa kanila at pinatira sila sa Tubabao Island, Guiuan, Eastern Samar sa loob ng tatlong taon. Sa kanyang pagbisita doon, ipinagiba niya ang mga pader upang ipadama sa mga ito na malaya sila sa bayang ito (Kwan 2015).

Nang manganib ang demokratikong pamahalaan ng Timog Korea nang salakayin ito ng North Korea sa tulong ng mga Tsino noong 1950, tumugon muli si Quirino sa kahilingan ng United Nations na magpadala ng isang batalyon na tutulong na pigilin ito. Nagingning ang galing ng Pilipino sa pakikipagdigma sa Digmaan sa Korea, ang pinakaunang pakikidigma ng mga Pilipino sa dayuhang bansa para sa kapayapaan.

Sinabi sa kanila ni Quirino, “. . . *You who are to go now will be the first to carry the flag of your own sovereign nation abroad in the war for freedom . . .* (E. Quirino 1950). *Poor as we are, this country is making a great sacrifice in sending you there but every Peso invested in you is a sound investment for the perpetuation of our liberty and freedom.*” (Azada 2008, 11)

Noong 1953, nilapitan si Quirino ng kanyang manugang na si Luis “Chito” Gonzales, kakakasal pa lamang niya sa anak ni Quirino, ang Unang Ginang Vicky Quirino, at sinabi niya sa pangulo, “Papa, I want to go to war.” Digmaan ang halos umubos sa kanyang pamilya nang walang awang patayin ng mga Hapones ang kanyang asawa at tatlong anak. Buntis ang Unang Ginang at maaaring manganib ang buhay ng asawa ng kanyang anak dahil muli sa isa na namang digmaan. Ngunit, ang tugon ni Quirino, “If you go to war, then my son has to go with you!” Kaya naman, si Lt. Tommy Quirino ay nagsilbi sa Korean War bilang tagapagugnay ng komunikasyon habang si Lt. Chito Gonzales ay nagsilbi bilang *reconnaissance pilot* doon. Ayon sa mga larawan sa mismong personal album ng kanilang mga larawan sa Digmaan sa Korea, nabigyan pa si Lt. Chito Gonzales ng Military Air





Medal ng Estados Unidos at ng Korean Pilot Wing Medal ni Pangulong Syngman Rhee dahil sa kanyang katapangan. (Velazco 2015)

Ibinigay din ni Chito sa kanyang mga kasamahan ang suweldo niya sa dalawang buwan niyang paninilbihan (Espiritu 1954).

Ayon kay Quirino sa mga kasapi ng 14th Battalion Combat Team, "*I sent ahead of you, my only son and my son-in-law to offer their blood in the defense of democracy. Thus, my pride will be that with my own flesh and blood, I shall have participated in your coming struggle and victory for the honor and prestige of our country.*" (Pobre 2012, 299)

Ngayon, ang Timog Korea ay isa nang maunlad na bansa. Hindi sana naisakatuparan ito kung hindi lumaban ang 16 na bansa, at kasama rito ang Pilipinas.

At sa kabila ng pag-ubos ng mga Hapones sa halos kanyang buong pamilya noong digmaan, noong July 4, 1953, habang nagpapagamot sa *John Hopkins Hospital*, nagbigay siya ng *Executive Clemency* sa 437 mga *Japanese War Criminals* na ilang taon na ring nakapiit sa bansa (Robles 1990, 223).

Hindi ito maintindihan ng marami subalit ayon sa kanya, maaari pa nating maging kaibigan ang mga Hapones para sa interes ng bansa. Nais niyang maghilom na ang sugat na iniwan ng digmaan. At dahil marami pa rin sa mga Pilipino ang galit sa mga Hapones, isa rin ito sa naging dahilan ng kanyang pagkatalo sa Halalan ng 1953.

Imbes na paghihiganti, pang-unawa ang kanyang isinukli sa mga taong gumawa sa kanyang pamilya ng masama. Masasabing isa siyang maginoo at disenteng tao.

Hatol ng Kasaysayan

Another criticism is that compared to those of Taiwan and Japan, the Philippine program was very conservative. It was much less thoroughgoing in land redistribution compared to the programs of the two countries where "reforms abolished absentee ownership and set a low ceiling on land that could be retained by landlords." Wolf Ladejinsky, said that the reforms in the two countries "involved a drastic redistribution of property, income, political power and social status at the expense of the landlords." And although the landlords were not entirely dispossessed, "their monopoly of wealth was significantly diminished. They also rechanneled their capital into other avenues of enterprise."⁹¹

While conditions in the Philippines, Taiwan and Japan were similar, there were several factors that prevented the Philippines from adopting the same radical reform measures. One is that many share tenants were unprepared for the responsibilities of land ownership. Aside from lack of preparation, they were also not ready to finance the cost of agricultural production. Aggressive land redistribution was thus risky for it could negatively impact agricultural productivity unless the government furnished capital and provided management support.⁹² Another reason is that the Philippine Constitution safeguarded the right to property.⁹³ Government could thus not take, divide and distribute estates without payment of just compensation.⁹⁴ Lastly, the landlord dominated Congress was apathetic to the need for change in the countryside.





A mimeograph article entitled “The Land Reform Program of President Diosdado Macapagal: Description, Analysis and Justification,” described President Magsaysay’s Land Reform Act as having been “hampered by many defects which eventually rendered its implementation ineffective. These defects were,

1. The Act does not contain inducements, wither negatively through taxation, or positively by offering attractive compensation, to the landowners to, sell his land voluntarily to the Administration;
2. There is no provision for the fixed pricing of the land to be acquired by the government;
3. The maximum retention rights permissible are still too high i.e. for an individual, 300 hectares, and for a corporation, 600 hectares of contiguous land;
4. The acquisition of tenanted agricultural land has to be petitioned by a majority of its tenants;
5. There is no adequate financing for the land acquired by the Land Tenure Administration; and
6. There is likewise no financial assistance for the repurchase of the land by the tenants.⁹⁵

Antonio J. Ledesma S.J. thus noted that “up to the decade of the 60’s, the agrarian problem remained unsolved and had even been aggravated by the expansion of the population.”⁹⁶

Conclusion

The primary effect of Magsaysay’s Agrarian Reform was the empowerment of the Philippine peasantry. With the confidence and security gained through the “Agricultural Tenancy Act,” they asserted their rights with less hesitation and fear as seen in the dramatic increase in the number of cases filed by tenants against landlords. On the other hand, though some consider the “Land Reform Act of 1955” to have been insufficient, it was nonetheless a “strategic beachhead for agrarian reformers” which paved the way for the passage of President Diosdado Macapagal’s stronger “Agricultural Land Reform Code” in 1963.⁹⁷





While the program was made with fairness in mind, the situation involved a sharp difference in wealth, power and prestige between the landlords and peasants. Therefore any law intended to make the distribution of wealth more equitable had to be at the expense of those favored by the existing inequitable conditions. This was the price to pay for a more secure and stable society and toward this end, no matter how transitory, the program was a success.

Notes

1. Inaugural Address of Ramon Magsaysay, President of the Philippines, December 30, 1953, *Official Gazette* 49 No. 12 (Manila: Bureau of Printing, Dec. 1953), 5332-5333.
2. David Wurfel, "Philippine Agrarian Reform under Magsaysay," *Far Eastern Survey*, 27 No. 1 (Jan. 1958), 7.
3. Ibid.
4. Republic Act No. 3844, August 8, 1963, *Official Gazette* 60 No. 18 (Manila: Bureau of Printing, May 1964), 2478-2527.
5. Wurfel, Jan. 1958, 7-15/David Wurfel, "Philippine Agrarian Reform under Magsaysay II," *Far Eastern Survey*, 27 No. 2 (Feb. 1958), 23-30.
6. *Philippine Agricultural Statistics 2* (Manila: Bureau of Printing, 1956), 3-16.
7. Ibid, 13.
8. *Philippine Agricultural Statistics 2*, 39.
9. James Putzel, *A Captive Land: The Politics of Agrarian Reform in the Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992), 55.
10. *Philippine Agricultural Statistics 1*, 6.
11. Generoso F. Rivera and Robert T. McMillan, *The Rural Philippines* (Manila: Mutual Security Agency, 1952), 217.
12. Donald E. Douglas, "An Historical Survey of the Land Tenure Situation in the Philippines," *Solidarity* 5 No. 7 (July, 1970), 65.
13. Generoso F. Rivera and Robert T. McMillan, *An Economic and Social Survey of Rural Households in Central Luzon* (Manila: A Cooperative Project of the Philippine Council for United States Aid and the United States of America Operations Mission to the Philippines, 1954), vi.






14. Benedict J. Kerkvliet, *The Huk Rebellion: A Study of Peasant Revolt in the Philippines* (Quezon City: New Day Publishers, 1979), 23–24.
15. Fernando A. Santiago, Jr., *Changing Times and Agrarian Unrest in the Philippines: A Social History of Landlordism in Nueva Ecija during the Pre-War Era, 1909–1941* (Ph.D. diss.: University of the Philippines, Diliman, 2013), 145.
16. Teodoro A. Agoncillo, *History of the Filipino People* (Quezon City: Garotech Publishing, 1990), 445–446/ Jim Richardson, *Komunista: The Genesis of the Philippine Communist Party, 1902–1935* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011), 114–115.
17. Agoncillo, 445.
18. Kerkvliet, 109. “The Peasant War in the Philippines: A Study of the Causes of Social Unrest in the Philippines,” *Social Sciences and Humanities Review* (Manila, Philippines, 1946), 375–436.
19. *Ibid*, 116.
20. Dr. Jesus B. Lava, *Memoirs of a Communist* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2002), 90.
21. Alfredo B. Saulo, *Communism in the Philippines, An Introduction–Enlarged Edition* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994), 36.
22. Agoncillo, 437–438/ Kerkvliet, 138–151.
23. Kerkvliet, 189–191.
24. Agoncillo, 457.
25. *Report to the President of the United States by the Economic Survey Mission to the Philippines* (Washington, D.C., October 9, 1950), 7.
26. *Ibid*, 43/ Jose V. Abueva, *Focus on the Barrio* (Quezon City: Phoenix Press, Inc., 1959), 19.
27. Putzel, 85.
28. Robert S. Hardie, *Philippine Land Tenure Reform: Analysis and Recommendations* (Manila: Special Technical and Economic Mission, U.S. Mutual Security Agency, 1953), 10–16/ Abueva, 1959, 17.
29. *Ibid*.
30. Lewis E. Gleeck, Jr., *The Third Philippine Republic, 1946–1972* (Quezon City: New Day Publishers, 1993), 112/ Putzel, 91.





31. Ibid/ Stephen Roskamm Shalom, *The United States and the Philippines, A Study of Neocolonialism* (Quezon City: New Day Publishers, 1986), 85.
32. Horacio de la Costa S.J., *Readings in Philippine History* (Manila: Bookmark, Inc., 1992), 258.
33. Putzel, 88.
34. Wurfel, Jan. 1958, 9.
35. Kerkvliet, 238.
36. Manuel F. Martinez (ed. By Nelson A. Navarro), *Magsaysay the People's President* (Makati City: RMJ Development Corporation, 2005), 175.
37. Jose V. Abueva, *Ramon Magsaysay: A Political Biography* (Manila: Solidaridad Publishing House, 1971), 437.
38. Inaugural Address of Ramon Magsaysay, President of the Philippines, December 30, 1953, 5332/ Abueva, 1959, 48.
39. Abueva, 1971, 280.
40. Fernando A. Santiago, "Farm Tenancy Reform and the Agricultural Tenancy Commission," *Rural Progress, GREENBOOK 1956* (Manila: The Department of Agriculture and Natural Resources, 1956), 45/ Wurfel, Jan. 1958, 11/ Wurfel, Feb. 1958, 23.
41. Wurfel, Jan. 1958, 8-15.
42. Republic Act No. 1199, August 30, 1954, *Official Gazette* 50, No. 10 (Manila: Bureau of Printing, Oct. 1954), 4655-4671.
43. Ibid, 4655.
44. Fernando A. Santiago, "Agricultural Tenancy Commission (ATC)," *Agricultural Credit in the Far East: Proceedings of the First Agricultural Credit Workshop* (Manila-Baguio, 1956), 83.
45. Fernando A. Santiago, "Enlarging Farm Size Through Development Program," *Farm Management: Documents Presented at the Fifth FAO Development Center on Farm Management for Asia and the Far East* (Manila: Department of Agriculture and Natural Resources and University of the Philippines, 1961), 239.
46. Wurfel, Jan. 1958, 11.



- 
47. Fernando A. Santiago, Jr., *An Interview with Retired Justice Fernando A. Santiago Regarding the Land Reform Program of President Ramon Magsaysay and its Impact on Central Luzon* (2002), 2–3.
48. *Ibid.*, 3.
49. Republic Act No. 1199, 4655–4671.
50. Wurfel, Jan. 1958, 11.
51. Jeffrey M. Riedinger, *Agrarian Reform in the Philippines: Democratic Transitions and Redistributive Reform* (Stanford, California: Stanford University Press, 1995), 88.
52. *Report to the President of the United States by the Economic Survey Mission to the Philippines*, 43.
53. Raul S. Manglapus, *Land of Bondage, Land of the Free: Social Revolution in the Philippines* (Manila: Solidaridad Publishing House, 1967), 13.
54. Santiago, “Farm Tenancy Reform and the Agricultural Tenancy Commission,” 1956, 45.
55. Abueva, 435.
56. Dorothy Dillon, *Land Reform* (Manila: Thomas Jefferson Cultural Center in Manila, 1968), 43–44.
57. Joe R. Motheral, “Land Tenure in the Philippines,” *Journal of Farm Economics*, 38, No. 2 (Oxford University Press, May, 1956), 471/ Walter Froehlich (ed.), *Land Tenure, Industrialization and Social Stability: Experiences and Prospects in Asia* (Wisconsin: Marquette University Press, 1961), 175.
58. Emmanuel S. Abensour, Pedro Moral-Lopez and Erich H. Jacoby, *Principles of Tenancy Legislation: A Comparative Study* (Rome: Food and Agriculture Organization of the United Nations, 1957), 2.
59. Abueva, 1971, 372; 426.
60. Administrative Order No. 67, Office of the President, September 30, 1954.
61. Wurfel, Jan. 1958, 13.
62. Santiago, “Farm Tenancy Reform and the Agricultural Tenancy Commission,” 1956, 45.
63. Wurfel, Jan. 1958, 13. For more detail, see Santiago, Jr., 2002.



64. Republic Act No. 1267, June 14, 1955, *Official Gazette* 51 No. 7 (Manila: Bureau of Printing, July 1955), 3335–3340.
65. Republic Act No. 1400, September 9, 1955, *Official Gazette* 51 No. 10 (Manila: Bureau of Printing, September 1954), 4960–4966.
66. Article XII, Section 4, The 1935 Constitution.
67. R.A. 1400, 4961.
68. Ibid.
69. Ibid. 4962–4963.
70. Santiago, Jr., 2002, 5.
71. Santiago, Agricultural Tenancy Commission (ATC), 1956, 88.
72. Froehlich, 1961, 170.
73. Carlos Quirino, *Magsaysay of the Philippines* (Makati: Carmelo & Bauerman, Inc., 1958), 171.
74. Osmundo Mondonedo, “Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration (ACCFA),” *Agricultural Credit in the Far East, Proceedings of the First Agricultural Credit Workshop* (Manila-Baguio, 1956), 66.
75. Republic Act No. 1160, June 18, 1954, 50 No. 9 *Official Gazette* (Manila: Bureau of Printing, Sept. 1954), 4070–4076/ Abueva, 1971, 370.
76. Froehlich, 1961, 170.
77. Republic Act No. 1160, 4071–4072.
78. Ramon Magsaysay, Fourth State of the Nation Address, January 28, 1957, *Official Gazette* (Manila: Bureau of Printing, 1957)/ Gleeck, 164.
79. Abueva, 1971, 372. Republic Act 821.
80. Abueva, 1971, 373–374.
81. Manglapus 1967, 17.
82. Abueva, 1971, 373.
83. Ibid, 370–371.
84. Putzel, 88–91.
85. Froehlich 1961, 179.
86. Wurfel, Feb. 1958, 30.





87. Renato Constantino and Letizia R. Constantino. *The Philippines: A Continuing Past* (Quezon City: The Foundation for Nationalist Studies, 1978), 264.
88. Republic Act No. 1400, 4961.
89. Ibid, 4962–4963.
90. Santiago, Jr., 2002, 5.
91. Putzel 1992, 74.
92. Froehlich 1961, 177.
93. Article III, Section 2, The 1935 Constitution.
94. Froehlich 1961, 177.
95. The Land Reform Program of President Diosdado Macapagal: Description, Analysis and Justification n.d.
96. Antonio J. Ledesma, "Land Reform in the Philippines in Light of Recent Catholic Social Thought." 1968, 214.
97. Abueva, 1971, 372–373.

Works Cited

- Abensour, Emmanuel S., Pedro Moral-Lopez and Erich H. Jacoby, *Principles of Tenancy Legislation: A Comparative Study*. Rome: Food and Agriculture Organization of the United Nations, 1957.
- Abueva, Jose V. *Ramon Magsaysay: A Political Biography*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1971.
- Abueva, Jose V. *Focus on the Barrio*. Quezon City: Phoenix Press, Inc., 1959.
- Agoncillo, Teodoro A. *History of the Filipino People*. Quezon City: Garotech Publishing, 1990.
- Constantino, Renato and Letizia R. Constantino. *The Philippines: A Continuing Past*. Quezon City: The Foundation for Nationalist Studies, 1978.
- de la Costa S.J., Horacio. *Readings in Philippine History*. Manila: Bookmark, Inc., 1992.
- Dillon, Dorothy. *Land Reform*. Manila: Thomas Jefferson Cultural Center in Manila, 1968.





- Douglas, Donald E. "An Historical Survey of the Land Tenure Situation in the Philippines," *Solidarity* 5 No. 7 (July, 1970).
- Froehlich, Walter (ed.). *Land Tenure, Industrialization and Social Stability: Experiences and Prospects in Asia*. Wisconsin: Marquette University Press, 1961.
- GleECK, Lewis E. Jr. *The Third Philippine Republic, 1946–1972*. Quezon City: New Day Publishers, 1993.
- Kerkvliet, Benedict J. *The Huk Rebellion: A Study of Peasant Revolt in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers, 1979.
- Lava, Dr. Jesus B. *Memoirs of a Communist*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2002.
- Ledesma, Antonio J. "Land Reform in the Philippines in Light of Recent Catholic Social Thought." MA Thesis, University of the Philippines. 1968.
- Martinez, Manuel F. (ed. By Nelson A. Navarro), *Magsaysay the People's President*. Makati City: RMJ Development Corporation, 2005.
- Motheral, Joe R. "Land Tenure in the Philippines," *Journal of Farm Economics* 38 No. 2. Oxford University Press, May 1956.
- Putzel, James. *A Captive Land: The Politics of Agrarian Reform in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992.
- Quirino, Carlos. *Magsaysay of the Philippines*. Makati: Carmelo & Bauerman, Inc., 1958.
- Riedinger, Jeffrey M. *Agrarian. Reform in the Philippines: Democratic Transitions and Redistributive Reform*. Stanford, California: Stanford University Press, 1995.
- Richardson, Jim. *Komunista: The Genesis of the Philippine Communist Party, 1902–1935*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011.
- Rivera, Generoso F. and Robert T. McMillan. *An Economic and Social Survey of Rural Households in Central Luzon. Manila: A Cooperative Project of the Philippine Council for United States Aid and the United States of America Operations Mission to the Philippines, 1954*.
- Rivera, Generoso F. and Robert T. McMillan. *The Rural Philippines*. Manila: Mutual Security Agency, 1952.





Saulo, Alfredo B. *Communism in the Philippines, An Introduction–Enlarged Edition*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994.

Shalom, Stephen Roskamm. *The United States and the Philippines, A Study of Neocolonialism*. Quezon City: New Day Publishers, 1986.

Santiago, Fernando A. “Enlarging Farm Size Through Development Program,” *Farm Management: Documents Presented at the Fifth FAO Development Center on Farm Management for Asia and the Far East*. Manila: Department of Agriculture and Natural Resources and University of the Philippines, 1961.

———. “Farm Tenancy Reform and the Agricultural Tenancy Commission,” *Rural Progress, GREENBOOK 1956*. Manila: The Department of Agriculture and Natural Resources, 1956.

———. “Agricultural Tenancy Commission (ATC),” *Agricultural Credit in the Far East: Proceedings of the First Agricultural Credit Workshop*. Manila-Baguio, 1956.

Santiago, Fernando A. Jr., *Changing Times and Agrarian Unrest in the Philippines: A Social History of Landlordism in Nueva Ecija during the Pre-War Era, 1909–1941*. Ph.D. diss.: University of the Philippines, Diliman, 2013.

———. *An Interview with Retired Justice Fernando A. Santiago Regarding the Land Reform Program of President Ramon Magsaysay and its Impact on Central Luzon*. 2002.

“The Peasant War in the Philippines: A Study of the Causes of Social Unrest in the Philippines,” *Social Sciences and Humanities Review* (Manila, Philippines: 1946).

Wurfel, David. “Philippine Agrarian Reform under Magsaysay,” *Far Eastern Survey*, 27 No. 1 (Jan. 1958): 7–15.

———. “Philippine Agrarian Reform under Magsaysay II,” *Far Eastern Survey*, 27 No. 2 (Feb. 1958): 23–30.

Laws

Article III, Section 2, The 1935 Constitution.

Article XII, Section 4, The 1935 Constitution.





Administrative Order No. 67, Office of the President, September 30, 1954.

Fourth State of the Nation Address, January 28, 1957, *Official Gazette*.

Manila: Bureau of Printing, 1957.

Republic Act No. 821.

Republic Act No. 1400, September 9, 1955, *Official Gazette* 51 No. 10.

Manila: Bureau of Printing, September 1954, 4960–4966.

Republic Act No. 3844, August 8, 1963, *Official Gazette* 60 No. 18 (Manila:

Bureau of Printing, May 1964), 2478–2527.

Republic Act No. 1267, June 14, 1955, *Official Gazette* 51 No. 7 (Manila:

Bureau of Printing, July 1955), 3335–3340.

Republic Act No. 1199, August 30, 1954, *Official Gazette* 50, No. 10 (Manila:

Bureau of Printing, Oct. 1954), 4655–4671.

Republic Act No. 1160, June 18, 1954, 50 No. 9 *Official Gazette* (Manila:

Bureau of Printing, Sept. 1954), 4070–4076.

Inaugural Address of Ramon Magsaysay, President of the Philippines,

December 30, 1953, *Official Gazette* 49 No. 12 (Manila: Bureau of Printing, Dec. 1953), 5332–5333.

Reports

Hardie, Robert S., *Philippine Land Tenure Reform: Analysis and Recommendations*. Manila: Special Technical and Economic Mission, U.S. Mutual Security Agency, 1953.

Report to the President of the United States by the Economic Survey Mission to the Philippines. (Washington, D.C., October 9, 1950).

Inaugural Address of Ramon Magsaysay, President of the Philippines, December 30, 1953, 5332/ Abueva, 1959, 48.

Philippine Agricultural Statistics 1. Manila: Bureau of Printing, Jan. 1956.

Philippine Agricultural Statistics 2. Manila: Bureau of Printing, Feb. 1956.

The Land Reform Program of President Diosdado Macapagal: Description, Analysis and Justification n.d.





Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino: Isang Kasong Pag-aaral sa Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura

RAUL ROLAND R. SEBASTIAN, DPA
MARK JOSEPH P. SANTOS
Polytechnic University of the Philippines



Abstrak

Layon ng papel na ito na gamitin bilang isang kasong pag-aaral ang relasyon ng rehimeng Duterte sa kulturang Pilipino, na nakapaloob sa balangkas ng pagbabanggaan ng burukrasya at kultura. Sentral na tesis ng papel ang proposisyon na isa sa mga mahalagang salik na nakapagluklok kay Duterte sa pwesto at patuloy na nakapagpapanatili ng malaking base-suportang nagmumula sa masa ay ang pagsakay at pakikisangkot niya sa katutubong kulturang Pilipino, habang ito ay gumigitgit sa banyagang burukrasyang angkat mula sa labas. Gamit ang pulitikal na peryodisasyon ni Julio Teehankee, tatangkain ng papel na ipakita kung paano unti-unting nilansag ni Duterte ang gumuguhong naratibo ng Rehimeng Edsa, sampu ng diin nito sa mga konseptong umiinog sa liberal na demokrasyang buhat sa Kanluran, sa pamamagitan ng retorikal na pag-utilisa sa umiiral na salpukan ng banyagang burukrasya at kulturang bayan.

Nahahati ang papel sa dalawa. Ang unang bahagi ay maglalalatag ng maikling pagbaybay sa ilang pangunahing tema ng kulturang pampulitika sa bansa, na korelatibo (maaaring sanhi o bunga, kung hindi man pareho) ng pagbabanggaan ng burukrasya at kultura. Ilan sa mga ito ay ang papel ng pamilya sa pulitika, halaga ng utang na loob, diin sa kolektibong kapakanan higit sa indibiduwal na karapatan, at sistemang padrino. Ang ikalawang parte ng pananaliksik ay babagtas mismo sa





pagbabanggaan ng burukrasya at kultura sa konteksto ng administrasyong Duterte. Susubukang siyasatin sa ikalawang bahagi ang tatlong lantad na tema sa loob rehimeng Duterte: 1. Melodramang Kampanya, 2. Kontra-Amerikanong Tindig, Suliranin sa Mindanao, at ang Kritika sa Imperyalismong Maynila, at 3. Kampanya Kontra Droga, Awtoratikong Imahe, at Puna sa Liberal na Demokrasya ng Kanluran. Samakatuwid, ang una'y magsisilbing makrokosmong lapit sa paksa na magsasakonteksto sa daloy ng ikalawang bahagi, na siya namang maghahain ng maykrokosmong pagtingin sa naturang pagbabanggaan. Bubuuin ang una ng isang sarbey sa mga sekondaryang literatura kapwa ng Pilipino at banyagang mga iskolar na ukol sa pagbabanggaan ng burukrasya at kultura. Para naman sa ikalawang bahagi, liban sa mga sekondaryang mga literatura, ang pag-aaral ay sasandig sa mga diyaryo at mga balitang artikulo sa pormang elektroniko, partikular na sa mga ulat ukol sa pangulo, bilang primaryang batis.

I. Maikling Pagbaybay sa Ilang Temang Korelatibo ng Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura sa Konteksto ng Kulturang Pampulitika ng Pilipinas

Ang ikalawang digmaang pandaigdig ay nagdulot sa bansa ng malawakang pagkawala at pagkasira ng buhay at ari-arian. Ang ganitong kalunos-lunos na kalagayan ang naging pasanin ng batang Republika ng bansa. Matapos ang digmaan, ang burukrasya ay kakikitaan ng mababang moral, mga hindi kwalipikado at walang kasanayang pinuno, at talamak na korapsyon. Sa ganitong sitwasyon ang burukrasya ay naging bukas na biktima sa mga panggigipit at pang-aabuso hindi lamang ng mga banyaga kundi maging ng ilang maimpluwensiyang pamilya sa bansa.

Ayon kay Alfred McCoy sa kanyang *Anarchy of Families* ang kakulangan sa pananalapi at makinaryang pulitikal para kontrolin ang buong bansa ay nagbunga ng pagkakaroon ng mahinang estado at pag-angat naman ng mga maimpluwensiyang pamilya na naging mga lokal na elit.¹ Ang mga lokal na elit na ito ang tunay na makapangyarihan sapagkat sila ang may direktang kontrol sa lalawigan. Sa ganitong aspeto, ang mga lider nasyonal ay naging sunud-sunuran sa mga lokal na elit sapagkat kinakailangan ng





lider nasyonal ang solidong boto at suporta ng mga maimpluwensiyang pamilya para maupo sa pwesto. Sa ganitong kadahilanan, ang estado ay pumapasok sa tinatawag na *rent seeking* sa mga elit. Sa ganitong, relasyon ang estado ay nagbibigay ng pabor sa ekonomiya o sa pulitika, sa mga maimpluwensiyang pamilya bilang pasasalamat sa suportang ibinigay ng mga elit sa mga lider nasyonal. Ang pagbibigay pabor ng mga lider nasyonal sa mga lokal na elit ay bumabagsak naman sa personal na relasyon sa pagitan ng mga lider nasyonal na tumatayong kliyente at ang mga lokal na elit na tumatayong patron at gayundin ang mga mamamayan sa lalawigan na umaasa sa pagsuporta o pagtangkilik ng mga lokal na elit. Sa ganitong lebel, ang lokal na elit ay tumatayong tagapag-ugnay ng mga tao sa kapangyarihang pulitikal at pangkabuhayan. Ang ganitong mga gawi ay maliwanag na nagdudulot ng malaking panganib sa pulitika at ekonomiya ng bansa. Ang pagbibigay pabor sa ilang mga mayayamang pamilya ay naging hadlang para matupad ang tunay na malayang kalakalan na walang kinikilingan. Ang pananatili rin ng isang pamilya sa loob ng napakahabang panahon ay maliwanag na banta sa tunay na demokrasya at maaaring pagmulan ng mga pang-aabuso.

Ang pamamayani ng ilang maimpluwensiyang pamilya sa pulitika ng bansa ay isa ng matagal na tradisyon. Ang pamilya sa lipunang Pilipino ay may pulitikal na konotasyon. Ang pamilya ay gingamit bilang isang kwalisyong pulitikal at sa pamamagitan ng pag-ugat sa parehong magulang at pagpasok sa mga *ritual kinship* tulad ng kasal at binyag, ang koneksyon ng pamilya ay lumalawak. Ang bawat miyembro ng pamilya ay inaasahang sumuporta at maging tapat sa pamilya, at dahil dito maliwanag na isa itong malakas na institusyong maaring magdala sa isang miyembro sa isang pulitikal na tanggapan.² Ang pagpapahalaga sa pangalan ng pamilya ay nagbibigay inspirasyon din sa mga miyembro na ipagpatuloy ang nasimulan ng kanilang mga magulang.

Sa pag-aaral namang ginawa ni Michael Cullinane tungkol sa mga Durano ng Danao ay ipinakita kung paano naging bihasa ang mga Durano sa pag-exploit ng relasyong patron at kliyente. Ipinakita kung paano ginamit ng pamilyang Durano ang pagpapalit ng katapatan para sa nepotismo sapagkat si Kristo daw mismo ay maraming mga kamag-anak sa kanyang mga apostoles.³ Ang paniniwalang ito ni Don Ramon ay maliwanag na naka-angkla sa prinsipyo ng pamilya sa pulitikang Pilipino





na kung saan ang katapatan ng bawat miyembro ay isang matibay na batas na sinusunod ng bawat kasapi. Ang kakulangan ng isang matibay na ideolohiyang pulitikal ng mga lider nasyonal at mga lider lokal ay isang malinaw na dahilan kung bakit ang pulitika sa bansa ay hindi umunlad at dahil dito ay patuloy na nagagamit ang botanteng Pinoy para sa kapakanan ng iilang lider.

Dahil sa kakulangan ng ideolohiyang pulitikal ay lumalabas na ang pulitika sa bansa laluna sa mga lalawigan ay hindi nagtatapos sa eleksyon bagkus ito ay patuloy na ginagawa sa buong taon. Ang posisyong pulitikal ay itinuturing ding personal. Ang pagkapanalo sa isang posisyong pulitikal ay itinuturing na isang magandang oportunidad para sa sarili at sa pamilya.⁴ Dahil dito ang mga maimpluwensiyang pamilya ay laging kasali sa mga eleksyon upang patuloy na makontrol ang mga interes ng pamilya sa kabuhayan at sa pulitika. Maituturing din na ang ilan sa mga kaugalian at ritwal sa bansa tulad ng binyag at kasal ay isang istrategyang pulitikal para palakasin ang koneksyon ng pamilya sa pulitika. Patunay dito ang pag-aaral na ginawa ni Cullinane sa mga Durano ng Danao sa Cebu na kung saan si Don Ramon, na itinuturing na patriarka ng mga Durano ay inaanak ni Salvador Gonzales na isang mayamang haciendero sa Cebu; ang kanyang panganay na kapatid na si Elisea ay asawa ni Paolo Almendras na isang mayamang haciendero at isang makapangyarihang lider pulitikal; at si Don Ramon mismo ay ikinasal sa isang Beatris Duterte na miyembro ng isa sa pinakamaimpluwensiyang pamilya sa Cebu.⁵ Malinaw sa pag-aaral na ang relasyong personal ay pinatag ang katayuang pulitikal ng pamilyang Durano sa loob ng napakahabang panahon.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Remigio Appalo tungkol sa pulitika ng Occidental Mindoro ay nakapagdisenyo siya ng isang modelo na magpapakita ng pulitika sa bansa. Ang modelong ito ay tinatawag niyang *Organic Hierarchy Paradigm* na kung saan ang mga katawagang ibinigay sa pulitika at pamilya ay mga organiko, halimbawa, kapatid kabagis; apo sa tuhod; pangulo ng bayan (Mayor) na mula sa salitang ulo; kinatawan (*representative*; ang salita mismo ay nanggaling sa salitang katawan); kanang kamay para sa mga mababang lider at galamay para sa mga tagasuporta. Ang ganitong klase ng pulitika ay umiikot sa tinatawag na *Patronage Politics*. Ang mga lider ay tumatayong ama ng bayan at bilang ama ay kinakailangan tugunan niya ang mga pangangailangang





personal ng kanyang mga tagasunod tulad ng pagrerekomenda sa trabaho, pagpapagamot, pagpapalibing, pagsuporta sa pag-aaral at marami pang iba. May mga pagkakataong tinatawag ang mga lider para ayusin ang mga personal na alitan ng kanyang mga tagasunod. Bilang ama ay inaasahan niya ang pagtangkilik ng kanyang mga taga-sunod at kung sino ang hindi maging tapat ay pinarurusahan sa pamamagitan ng pag-ipit ng pondo. Sa katunayan, sa ganitong pigura ng lengguwahe itinampok ni Marcos ang kanyang sarili noong panahon ng Martial Law. Ipinakita niya ang kanyang imahe bilang ama na nagdidisiplina ng mga Pilipino bilang kanyang mga anak tungo sa isang maunlad na “Bagong Lipunan.” Kung susuriin, ang dehado nang husto ay ang mga mamamayan sapagkat ang karamihan sa mga naupo at nanalo ay hindi mga kwalipikado, bagkus ay mga naluklok lamang dahil sa kanilang apelyido. Dahil dito, kanilang katapatan ay wala sa bayan kundi nasa kanilang pamilya. Ang ganitong klaseng kalakaran ang naging sagabal sa pagkakaroon ng isang matiningong pulitika sa bansa.

Matagal nang palaisipan sa mga mag-aaral ng agham panlipunan kung paano nangyari na ang Pilipinas ang may isa sa mga pinaka atrasadong pulitika at ekonomiya sa kabila ng katotohanang kung ikukumpara sa mga nakapaligid na bansa. Tayo ang pinaka-unang nagkaroon ng mga modernong pulitikal na institusyon buhat sa Amerika. Sa kontrobersyal na artikulo ni James Fallows na *A Damaged Culture* ay sinubukan niyang magbigay ng kasagutan sa tila бага balintunang penomenong ito. Ani niya, ito ay dulot ng problematikong kultura ng mga Pilipino, mas ispesipiko pa, ang kakulangan natin ng nasyonalismo o pagmamahal sa bayan.⁶ Sa aming pakiwari, ano man ang merito ng kanyang analisis, ito ay hindi sumasalamin sa buong larawan ng masalimuot na isyu. Higit pa sa problema sa nasyonalismo (kung ito nga ang tunay na suliranin) ay ang hindi katugmaan ng mga modernong pulitikal na institusyong mayroon tayo, na inangkat lamang mula sa Kanluran, sa kulturang Pilipino. Ang hindi katugmaang ito ang maituturong sanhi ng pagbabanggaan ng burukrasya at kultura. Kababawan kung tatanggapin ang proposisyong maililipat ang isang pulitikal na institusyon mula sa isang banyagang bansa tungo sa sariling bayan nang hindi kinokonsidera ang kultura ng pinagbuhatan at patutunguhan nito. Marapat na maunawaan na ang mga pulitikal na institusyon ay lumilitaw bunga ng historikal na karanasan ng isang grupo ng mga tao, at kung gayon ay sumasalamin sa kanilang sariling kultura.





Naipaliwanag ito nang may lalim ng sosyolohistang si Randolf David sa kanyang aklat na *Understanding Society, Culture, and Politics*. Makabuluhang sipiin dito ang kabuuan ng kanyang komento,

“Whereas, in most of Europe, institutions grew out of the instincts of its people, the Filipino journey toward modernity began as an offshoot of our colonial experience, particularly under the Americans. We started out as perhaps the most institutionally modern among the so-called new nations of Asia, but somewhere in the transition we got stuck. We have, since independence, tried vainly to reconcile the imperatives of the modern institutions left behind by our colonial masters with the pre-modern culture of a feudalistic and hierarchical society, only to realize that there are no easy shortcuts to modernity . . . Our formal institutions in the Philippines are modern institutional systems that were grafted by American colonialism onto a pre-modern Philippine society and culture. These institutions clearly did not grow out of our own experience. They were rather brought in by our colonial masters. The point is simply that merely transplanting modern institutions onto another society does not automatically make that society modern. It does not create the conditions necessary to make these institutions work.”⁷

Maraming kultural na aspeto ng Estados Unidos na kaiba nang sa Pilipinas, at ito ang sanhi ng hindi kaangkupan ng ilang institusyong pulitikal na inangat natin sa Kanluran. Pangunahin na rito ang diin ng mga Amerikano sa indibiduwalismo o pagpapahalaga sa karapatan ng bawat indibiduwal, na litaw sa kanilang *Declaration of Independence*. Samantala, sa hanay ng mga Pilipino ay mataas ang pagpapahalaga sa komunidad. Ito ay tampok halimbawa sa konsepto ng bayanihan. Ang temang ito ang ginamit ni Marcos na litanya upang gawing lihitimo ang kanyang awtoritaryan na pamumuno sa pagbuo ng “Bagong Lipunan.” Ani niya, ang konsepto ng indibiduwal na karapatan at liberal na demokrasya ng Kanluran ay nabuo sa konteksto ng kanilang karanasang historikal, at ito ay hindi lapat sa kalagayan noon ng bansa. Dagdag pa ni Marcos, sa kultura ng Pilipinas gayundin ng ibang bansa sa Silangan ay mas matimbang ang kapakanan ng buong komunidad kaysa karapatan ng indibiduwal. Sa





kanyang sariling mga salita sa aklat niyang *The Philippine Experience: A Perspective on Human Rights and the Rule of the Law*:

“Despite the economic and social changes of the last five or six centuries which shaped the values and institutions of Western liberal democracy, none of them was directly experienced by the Philippines . . . The Philippines, in a word, did not have Western experience. But she was a child of ‘democratic colonialism’ . . . Western liberals never cease, of course, to be puzzled why their institutions could not take root in the developing societies, as well as they had in their own clime. And they tend to regard the problem as merely an excuse for authoritarian rule in the less developed countries. They fail to understand how variations in historical experiences and in material and social conditions inexorably create different problems for establishing effective government . . . It is clear that the social and economic realities of the Philippine setting have not been hospitable to the unqualified operation of Western liberal democracy.”⁸

Maging sa hanay ng mga Islamikong komunidad ay nagkaroon din ng katanungang may kinalaman sa pagbabanggaan ng burukrasya at kultura: kung ang demokratikong sistema ba mula sa Kanluran ay angkop sa kanila. Ito ang isyung diniskurso ni Carmen Abubakar sa kanyang sanaysay na *Is Islam Compatible with Democracy?* Inilahad niya rito kung paanong mayroong opinyon sa hanay ng ilang mga awtoritaryang Muslim na lipunan na nagpapalagay na ang demokrasya ay hindi lapat sa mga Islamikong komunidad, at nakikita pa minsan ang pagpapalaganap ng demokrasya bilang imposisyon ng Kanluraning hegemonya. Isang ilustratibong halimbawa na lamang nito ay ang pagsamantala ng Estados Unidos sa kadahilangang awtoritaryan ang mga Islamikong komunidad ng Kanlurang Asya o Gitnang Silangan upang gamiting lehitimasyon sa kanilang panghihimasok sa mga panloob na krisis ng mga ito.⁹

Katulad ng nabanggit na, ang pagpapahalaga sa pamilya ay isa sa mga marka ng kulturang Pilipino. Isa rin ito sa mga aspeto ng kultura na pinaka madalas bumangga sa burukrasyang angkat mula sa Kanluran, na tipikal sa pagiging impersonal at indibiduwalistiko. Sa pahapyaw na pagtalakay ni





Arlene Torres-D'Mello sa isyung ito, inilahad niya na ang pangbabanggan ng kultura at burukrasya ay nagdudulot ng kalituhan sa mga Pilipino, kung paano bibigyang balanse ang pagpapahalaga sa pamilya sa isang banda at ang pagsunod sa istriktong mga alituntunin ng burukrasya:

“Kinship loyalty is a very important feature of Filipino culture. Therefore, there is an ‘of course’ expectation that mutual assistance is extended to members of the family regardless of how distant the relationship may be. However, they also expect that people in public service should exercise a certain degree of professionalism at work. Drawing the line between where kinship loyalty ends and professionalism begins is often a bone of contention. On the one hand, both giver and receiver of kinship loyalty are criticized for practising nepotism and/or cryonyism. On the other hand, public servants who exercise a businesslike approach, as learned from the Americans, are complained about as ‘insensitive and bureaucratic,’ meaning rigid, or exercising too much ‘red tape.’”¹⁰

Ang Pilipinong konsepto ng utang-na-loob ay mayroon ding malaking ambag sa kultura-burukrasyang pagsasalpukan. Ayon muli kay D'Mello sa iba pa niyang akda, simula pa man nang pagpasok ng kolonyalismo sa bansa, ang konsepto ng utang-na-loob ay naisalin na at nagsilbing instrumento para sa pagpapalakas at pagpapanatili ng sistemang *patronage*.¹¹ Hanggang sa kasalukuyan ay iniinda natin ang mga implikasyon nito sagpagkat dito umiinog ang ilan sa mga pinaka malalaking suliranin ng pulitika sa bansa. Isang halimbawa ay ang isyu ng *political dynasty*. Ang itinuturong dahilan kung bakit patuloy na binoboto ng mga mamamayan ang mga lokal na elit na miyembro ng mga dambuhalang pamilya sa isang probinsya ay ang pagkakagapos nila sa mga pabor na ibinibigay ng mga pulitiko tulad ng mga iskolarsyip sa mga anak, tulong medikal, at pinansyal na suporta para sa kabuhayan. Pinalala ito sa mga nagdaang panahon sa pamamagitan ng paggamit sa kapangyarihang mula sa *pork barrel*, na isa ring porma ng *patronage politics*. Dahil napaka halaga sa lipunang Pilipino ng pagtanaw ng utang-na-loob (sa katunayan, bukod sa “walang hiya” at “walang pakikisama,” ang katagang “walang utang-na-loob” na ang isa sa pinaka





masakit na mga salitang maaaring marinig ng isang Pilipino), naitatali ang mga mamamayan sa katapatan sa mga lokal na elit. Nakaugnay din dito ang tradisyon ng nepotismo. Dahil sa utang-na-loob na namamayani sa loob at hanay mismo ng mga miyembro ng isang *political dynasty*, ang katapatan ay naitutuon hindi sa mga mamamayan bagkus ay sa mga kapamilya. Ang dugo ay nagiging mas matimbang kaysa sa batas. Ang *political dynasty* na bunga ng *patronage politics* ay nagdudulot ng isa pang konektadong suliranin: ang kawalan ng oportunidad na makilahok ng mga panibagong pangalan sa pulitika, mga indibiduwal na may sapat sanang kwalipikasyon upang baguhin ang kasalukuyang sistema. Dahil sa pagkaluklok ng mga naghaharing pamilya, nalilimitahan ang mga apelyidong pagpipilian ng mga botante sa balota. Ang mga pinagsama-samang salik na ito ang humahadlang sa transpormasyon sa loob ng burukrasya at nagpapanatili sa kahirapan ng masa. Sa kabilang banda, ang kahirapan naman ng masa ay ang ginagamit na instrumento ng mga makakapangyarihan (i.e. mga may abilidad na makapangyari sa loob ng sistema) upang panatilihin ang *status quo*. Ang *3P's cycle* na ito (*patronage politics—political dynasty—poverty*) ay hindi maglalaho, liban na lamang kung susubukang solusyunan ang mga suliraning bunga ng pagbabanggaan ng burukrasya at kultura sa lipunang Pilipino.

II. Ang Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura sa Konteksto ng Pamahalaang Duterte

Sa isang malikhaing paghihiraya ng sosyolohistang si Randolf David, inihalintulad ang nakaraang 2016 pampanguluhang halalan sa metapora ng lansangang-bayan.¹² Mayorya sa mga kalahok ay tila mga pampasadang mga sasakyang napakahabang panahon nang bumabagtas sa mga lumang kalsada. Mayroong dalawang senador, ikalawang pangulo, at miyembro ng gabinete; lahat ay tuwirang mga elit ng Maynila. Ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon ay may isang hindi pamilyar na sasakyang biglaang rumagasa at naungusan silang lahat. Sa isang iglap ay nailuklok sa pinakamataas na opisina ng estado ang isang alkalde mula sa timog, ang kauna-unahang pangulong nagbuhat sa Mindanao. Marami ang nagulantang sa kinahinatnan ng halalan; lalo pa't ang nagwagi ay animo'y hindi kumikilala sa mga kumbensyunal na mga tradisyong pulitikal. Hindi nagsusuot ng barong, nagwiwika ng Bisaya sa mga panayam, nagmura sa





Santo Papa at nakaraang pangulo ng Estados Unidos, nagpangalan ng mga korap na heneral ng AFP habang napapanood sa pambansang telebisyon, at naghamon sa hepe ng United Nations. Sa isang sulyap ay tila nakapagtataka ang pagkapanalo ng ikalabing anim na pangulo ng Pilipinas. Ngunit iba ang opinion ni Julio Teehankee. Ayon sa kanya, ang penomenon ay marapat lamang asahan. Sumulpot si Duterte sa panahong papabagsak na ang liberal na demokrasya at pulitikal na naratibo ng tinawag ng may-akda na Rehimeng Edsa. Bago magtungo sa pinaka paksain ng papel, kailangan munang maipaliwanag ang pulitikal na peryodisasyon ni Teehankee, dahil ito ang pangunahing balangkas na gagamitin ng mga mananaliksik upang mabigyang linaw ang talaban sa pagitan ng pagbabanggaan ng burukrasya at kultura isang banda at ng rehimeng Duterte sa kabilang banda.

Gamit ang konsepto ng “political time” ni Mark Thompson, nagbigay ng panahunang pampulitika si Teehankee na nagperyodisa sa termino ng mga pangulo.¹³ Sa isang simplistikong pagpapaliwanag, dinidikta ng konsepto na sa bawat ispesipikong panahon ay mayroong pormal na mga istrukturang pampulitika na humuhubog sa mga polisiya at aksyon ng bawat pangulo, at samakatuwid ay nagdedetermina maging ng kahihinatnan ng kanilang rehime. Ayon kay Teehankee, mahahati sa tatlong bahagi ang pulitikal na panahon mula kay Marcos hanggang kay Duterte. Ang administrasyong Marcos ay matataguriang panahon ng “Authoritarian Regime,” kung saan ang hawak ng diktador ang tatlong sektor ng gobyerno. Ang ikalawang panahon, na sumasaklaw mula sa administrasyon ni Cory Aquino hanggang kay Noynoy Aquino, ay matatawag na “EDSA Regime.” Sa kuro ng mga mananaliksik, ang opisyal na naratibo sa loob ng tatlong dekada ay maaaring maibubuod sa sumusunod na mga punto: 1. Ang batang Republika ay may papasibol na ekonomiya matapos na makamit ang kalayaan at nagtatamasa ng isang mainam na demokrasya, 2. Dumating ang diktador na si Marcos, hinubaran ng demokrasya ang bansa at kasama ang mga kroni’y kinamkam ang kaban ng bayan, 3. Tumindig ang tagapagligtas na si Aquino, kasama ang AFP at simbahang Katoliko Romano, at napatalsik ang diktador, sa gayo’y muling naibalik ang demokrasya sa bayan.

May pagka-karikatura man ang presentasyong nabanggit ay may pagkakahawig pa rin sa kung paano pangkaraniwang itinatatampok ang mga pangyayaring umiinog sa Rebolusyong EDSA ng 1986. Ang takbo ng kwento ay tila бага may paralelismo sa “tripartite” na pagkakahati ng kasaysayan





sa “Liwanag-Dilim-Muling Liwanag” alinsunod sa pagdalumat ni Zeus Salazar sa historiograpiya ng Propaganda.¹⁴ Tinitingnan ang panahon bago ang diktaduryang Marcos bilang liwanag, panahon habang namumuno si Marcos bilang dilim, at pagpapatalsik sa kanya ni Aquino bilang muling liwanag. Ang kinikilalang mga tagapagsulong ng “EDSA Regime” ay ang mga elit ng Maynila, ang simbahang Katoliko Romano, at ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas o AFP. Tampok sa partikular na “political time” na ito ang ideolohiya ng liberal na demokrasya, na pangunahing impluwensya ng Estados Unidos sa Pilipinas. Sa sentro ng liberal na demokrasya ay ang diin sa mga sumusunod: pag-unlad, karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, pang-angat sa posisyon batay sa merito, impersonal na mekanismo ng batas, at propesyunalismo. Maraming ipinangakong kaghinaan ang “EDSA Regime” sa mga Pilipino sa nakalipas na tatlong dekada.

Sa pagtataya ni Francis Fukuyama noong 1992 sa kanyang *End of History and the Last Man*,¹⁵ ipinagpalagay niyang absoluto na ang pagkapanalo ng liberal na demokrasya laban sa pangunahing kalaban nito na komunismo, kasunod ng pagbagsak ng USSR at ng Pader ng Berlin sa huling bahagi ng dalawampung dantaon. Ayon sa may-akda, ang liberal na demokrasya na ang kahuli-hulihang yugto sa ebolusyong ideolohikal ng tao, yamang nagapi na nito ang lahat ng kakumpitensyang ideolohiyang pampulitika. Ngunit sa nakaraang mga taon ay natunghayan ng kasaysayan ang unti-unting pag-atake sa mga retorika ng liberal na demokrasya, lalo na sa mga bahagi ng tinatawag nilang Ikatlong Mundo. Sa pagtatapos ng termino ni Noynoy ay tuluyan nang nasira ang imahe ng liberal na demokrasya (dulot ng hindi natupad na mga pangako), na siyang pundasyon ng “EDSA Regime.” Ayon kay Teehankee, ang pagpasok ni Duterte sa eksena ng pulitikang nasyunal ang naging hudyat sa pagsisimula ng pangatlong panahong pampulitika: ang “Post-EDSA Regime.”

Ang pagpasok ni Duterte sa eksena ng pulitikang pambansa ay isang naiibang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa pakiwari ng mga mananaliksik, ngayon lang nagkaroon ng malawakan, sistematiko at relatibong matagumpay na pag-atake sa ala-ala ng EDSA. Tinangka na dati ito ng isa ring “populist” na pangulo na si Erap, ngunit bumulagta nang bumangga sa pinagsama-samang puwersa ng simbahan, militar, at mga oligarko ng Maynila. Ngunit sa pagkakataong ito, ang pagbangga ni Duterte ay matatayang medyo matagumpay, ang “historical amnesia”





(i.e. pagkalimot sa naratibo ng EDSA) na proyekto ay unti-unting nagwawagi. Ang mga Marcos ay nagiging bayani, habang ang mga Aquino ay nagiging kontrabida. Tila may pagkakahawig pa nga sa “Rebolusyong mula sa Sentro” ni Marcos, pinipitpit ang mga oligarko sa kanan habang binabanatan ang Partido sa kaliwa. Tila ngayon lang din nahati ang bayan sa animo’y pantay na bilang ng magkabilang panig. Charter Change, Federalism, Free Tuition Fee, Martial Law, Death Penalty, Human Rights, Philippine-Chinese Relations, War on Drugs, Jeepney Modernization, at Marcos sa LNMB. Kapanalig man o oposisyon vis-à-vis sa administrasyong Duterte, hindi maitatangi ninuman na radikal ang rehimeng ito, paano man bigyang kahulugan ang salitang “radikal.” Sa mas ikabubuti man o lalong ikasasama, mahirap pabulaanan na napakaraming nagbago sa loob lamang ng dalawang taon. Sa katunayan, mahirap na ngang makilala na ito pala ay ang parehong bansa na pinatakbo dati ni Noynoy dalawang taon palang ang nakalilipas. At marami pa ang patuloy na babaguhin kung maging matagumpay man ang proyektong awtokratiko ng pangulong lumalansag sa naratibo ng EDSA. Tiyak ngang nasa panahon na tayo ng “Post-EDSA Regime.”

Ang bahaging ito ang nais siyasatin ng mga mananaliksik. Sa isang lebel, maaaring ipagpalagay na ang ikalawang bahagi ng kasalukuyang papel ay naglalayong pumatong at magpalawig sa tesis ni Teehankee. Ipinapanukala ng mga mananaliksik na ang penomeno ng pagkawasak ng “EDSA Regime” at pagpasok ng “Post-EDSA Regime,” una sa lahat, ay sintomas lamang ng isang mas malawak pang isyu. Ang tinutukoy namin ay ang paggigitgan ng burukrasyang impluwensyado ng Kanluraning mga puwersa, partikular na ng Estados Unidos, sa isang banda at ng kulturang taal sa kabihasnang bayan. Tulad ng natalakay na sa unang bahagi ng papel, bawat burukrasya at mga istrukturang pampolitika ay mayroong pinag-uugatan na partikular na kultura ng isang lipunan, na hinubog ng kanilang espesyal na karanasang historikal. Kaya naman, kapag inangat ito patungo sa isang lipunang may kaiba ring hulma ng kultura, hindi maiiwasan ang salungatan. Walang istruktural na elemento ng pulitika na umiiral sa kawalan (*vacuum*). Anupa’t ang pulitika mismo ay bahagi ng kultura, kung tatanggapin ang malawak na katuturan ng huli bilang pamamaraan ng pamumuhay ng isang grupo ng mga tao. Nabubuo ang mga pulitikal na institusyon batay sa pangangailangang pampamunuan at





pangkapangyarihan ng isang grupo ng mga tao sa isang depinitong lugar at depinitong panahon. Isang normal na tendensiya na kapag dinala ito sa isang banyagang lugar ay mabibitbit din kasama nito ang mga “cultural baggages” na nagbuhat sa pinanggalingang lokasyon.

Gayunpaman, upang hindi mamisinterpreta ang naunang mga pangungusap at maiwasan ang ekstrimistang direksyon, marapat idagdag ang isang *caveat* o paunawa. Hindi ibig sabihin nito ay imposible ang pag-angkat ng anumang banyagang panlipunang institusyon mula sa labas na aangkop sa katutubong kultura. Binigyang diin na ito ni Ramon Guillermo sa kanyang tesis masterado na kalaunan ay ipinalimbag sa ilalim ng titulong *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Upang ipagtanggol ang Marxismo laban sa kritisismo ng Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar, ipinaliwanag ni Guillermo na banyaga man ang pinagmulan ng isang institusyon o ideolohiya, kung dumaan na ito sa masinsinang proseso ng pagpopook patungo sa kasasadlakang lipunan ay aangkop na ito. Upang mapatibay pa ang kanyang asersyon ay sinipi niya ang mga salitang ito mula sa isa pang Marxista na si Francisco Nemenzo:

“Whether an ideology is purely indigenous or derived from external sources is a worthless problem. The fact that it has captured the imagination of a significant sector of the Filipino people is evidence enough that it has been indigenized, or that it is undergoing indigenization . . . Like other social processes, indigenization of ideology is dialectical, hence the proper subject of inquiry is the reciprocal influence of Marxism and indigenous revolutionary tradition.”¹⁶

Sa kasamaang palad, sa kaso ng burukrasyang Pilipino ay wala pang ganitong maayos na proseso ng “indigenization” o pagpopook na nagaganap. Kung mayroon nang integrasyon ay dili sana’y hindi na nagaganap ang malakihang banggaan sa pagitan ng burukrasya at kultura, at samakatuwid ay hindi na rin kakailanganin ang kasalukuyang pag-aaral.

Sa liwanag ng nailatag na kaligiran mainam siyasinat kung papaano ipinuwesto ni Duterte ang sarili sa gitna ng pagbabanggaan sa pagitan ng burukrasyang impluwensyado ng Kanluran at kulturang Pilipino. Tulad ng madalas gawin kay Donald Trump sa Estados Unidos, madalas na





ginagawang obheto ng katatawanan si Duterte sa “social media” ng mga kritiko, pinalalabas na mangmang sa pamamagitan ng pag-iinterpreta sa bawat maliliit na mga pangungusap nito (na sinasagot naman ng mga taga-suporta niya sa pamamagitan ng pamilyar na “inalis sa konteksto” na litanya). Liban pa sa akusasyon na mayroon daw sikolohikal na depekto ang pangulo (“bipolar”), pinaparatangan din na hindi na ganoong kalinaw ang pag-iisip dahil sa pag-inom ng gamot (partikular na ng “fentanyl”). Gayunman, ayon sa papel ni Efren Abueg na ipinrisinta kamakailan lamang sa isang akademikong pagtitipon, ang mga pahayag at aksyon ni Duterte ay bahagi ng isang malawakang istrategiyang retorikal.¹⁷ Ibig sabihin, ang mga ito ay hindi insidental at ironikong mga pahayag na bunga ng katandaan o sakit ng pangulo, bagkus ay parte ng isang planadong pagtatangka na ihain sa kolektibong kamalayan ng masa ang isang ispesipiko at nilalayong bersyon na imahe ni Duterte. Tulad ng ginamit na metapora ng presidente ng La Salle na si Armin Luistro sa isang kumperensya sa Ateneo, bumubuo si Duterte ng isang arkitekturang magsisilbing instrumento para sa aktuwalisasyon ng kanyang mga layunin.¹⁸ At sa pananaw ng mga mananaliksik, isa sa mga primaryang pundasyon ng arkitekturang ito ay ang paglalata sa imahe ni Duterte bilang representante ng tunay na kultural na kakanyahang Pilipino; anupa’t ang imaheng ito ay idinadambana bilang salungat sa hungkag at mapagkunwaring burukrasyang latak ng Kanluraning kalinangan. May limang malalaking tipak ng ideya sa loob ng naturang imahe na marapat buksan at siyasatin para sa talakayan.

A. Melodramatikong Kampanya

Isa sa mga pinaka interesanteng suriin sa retorika ni Duterte ay ang urong-sulong na kandidatura sa panahon ng kampanya. Animo’y isang teleseryeng sinusubaybayan ng mga Pilipino, na tila baga nasasabik sa “character development” ni Duterte sa “plot” ng kwento ng kanyang kandidatura. Ito marahil ang dahilan kung bakit noong panahon ng pampanguluhang kampanya ay mapapansin na parang may mali sa proporsyon ng pagbabalita sa malalaking institusyon ng midya. Ang malaking espasyo ng pahayagan (kapwa ng “print media” at “broadcast”) ay nailaan para sa mga material na may kinalaman kay Duterte. Sadya man ito o hindi (mas malamang ang ikalawa), kapwa ang midya at ang taumbayan





ay nabighani sa naratibo ng melodramang ito. Hindi man puro positibo ang laman ng mga balitang ito, hindi maitatangging naging instrumental pa rin ang pagiging dominante niya sa laman ng mga pahayagan para sa kanyang pagkapanalo. Sa katunayan, maaalala pa nga ang mga pananakot ni Duterte laban sa dalawang malaking kumpanya ng midya na Philippine Daily Inquirer at ABS-CBN, dahil sa paratang niya na ang may-ari ng mga ito ay may personal na pagkiling sa oposisyon at sinasadyang magbalita ng masama ukol sa kanya.¹⁹ Ngunit hindi ito naging hadlang para sa binubuong arkitektura ni Duterte. Ito pa nga ay nakabuti, dahil lalong natuon ang atensyon ng masa sa makulay na karakter ng mayor ng Davao.

Matatandaan na hindi orihinal na kandidato si Duterte. Ipinalit lamang siya kay Martin Diño bilang kinatawan ng PDP-Laban, matapos bawiin ng huli ang kanyang kandidatura.²⁰ Ipinrisinta ni Duterte ang sarili bilang isang bantulot na kandidato, na hindi sigurado kung tatakbo ba o hindi. Ang urong-sulong na melodramatikong tagpong ito ay kumiliti sa pagkamausisa ng mga Pilipino. Animo'y isang dalagang nagpapapilit si Duterte sa bahaging ito ng kanyang kampanya. At kung nagpapakipot lamang siya dahil sa kanyang kalooban ay gusto naman talagang maging pangulo, nagtagumpay ang kanyang plano. Sa persepsyon ng marami ay naibakat ang imahe ni Duterte bilang isang pinunong nag-aatubili at hindi hayok sa kapangyarihan. Sa ganitong paraan siya nakita ng kolumnistang si John Nery noong panahon ng kampanya. Ani ni Nery,

“It’s been four months since Davao City Mayor Rodrigo Duterte visited the INQUIRER, and I see no reason to change my original view: He is deeply conflicted about running for the presidency. His increasingly scandalous conduct on the campaign trail—call it politics of mutual outrage—confirms me in my view. He is looking for a way out.”²¹

Bahagi ng naratibo ng pamimilit ay ang kwento ni Duterte na si Fidel Ramos daw ang pinaka unang nagkumbinsi sa kanya para tumakbo. Nagtungo pa raw ito ng personal sa Davao para lamang hikayatin si Duterte, at nagwika pa na panahon na upang magkaroon ng pangulong mula sa Mindanao.²²





Walang choice, walang pagpipilian, para sa bayan, napilitan lamang. Patuloy pang makikita nang paulit ulit ang temang ito sa kanyang mga pahayag. Isa sa mga pinaka eksplisito sa mga ito ay ang sumusunod na sipi:

“Gusto ko na sanang magpahinga. Matanda na ako e. Pero nakikita ko kasi ang—the sadness of this country. Gusto ko na sanang mag-retire, pero nakikita ko ang bayan. Tang—buti sana kung masasamang tao lang ang nagpapahirap sa mga Filipino. Dito ngayon, it is the government itself that’s oppressing the people! Ayaw ko ng droga, ayaw ko ng kidnapper, ayaw ko ng holdaper, ayoko ng snatcher. Palalayasin ko talaga kayong mga kriminal.”²³

Ang pagiging bantulot at pakipot ni Duterte ay nakapukaw sa damdamin ng mga Pilipino, lalo pa’t positibo ang persepsyon natin sa mga pinunong tila nagdadalawang isip sa paghawak sa kapangyarihan. Mapapansin na may pagkakahawig ito sa kaso ng nakaraang pangulo. Hindi rin orihinal na kandidato sa kompetisyong pampanguluhan si Benigno “Noynoy” Aquino III. Ang kanyang kasikatan ay dulot lamang ng “Cory magic” matapos mamatay ng kanyang nanay noong papalapit na ang kampanyahan. Dahil dito ay nagparaya si Mar Roxas upang ibigay sa kanya ang pagiging kinatawan ng Partido Liberal. Ang imahe niya bilang “napilitang kandidato” ay mababanaag sa kanyang dating pahayag:

“Tinatanggap ko ang hiling ng sambayanan. Tinatanggap ko rin po ang bilin at habilin, tagubilin ng aking mga magulang. Tinatanggap ko ang responsibilidad na ituloy ang laban para sa bayan. Tinatanggap ko ang hamong mamuno sa labang ito. Bayang Pilipinas, tatakbo ako sa pagka-pangulo sa darating na halalan.”²⁴

Ang ganitong pagpapasabik sa masa ay bahagi ng istratohiyang naglalayong makakalap ng mas malawak na atensyon. At ito ay malinaw na nag-resonahe sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa melodramatikong mga teleserye. Ang teleserye ay bahagi ng popular na kulturang humuhubog sa kamalayan ng masa, at nagbibigay sa kanila ng balangkas na maaaring





magamit sa pagtanaw sa reyalidad ng lipunan. Naipaliwanag itong maigi ni Anna Pertierra sa kanyang papel na *Celebrity Politics and Televisual Melodrama*:

“The emotional impact of daily soap operas and other melodramatic programs connect viewers at home to a public world in which political leaders and advertisers compete for their loyalty. But the Philippines has gone one setp further in bringing together dramatic entertainment and national publics.”²⁵

At ito ay siguradong hindi lihim kay Duterte at sa kanyang mga tagapayo. Na-utilisa niya ang penomenong ito sa popular na kulturang Pilipino. Dagdag pa ni Pertierra:

“I argue that Duterte is a beneficiary of a political culture where policies and processes have been less electorally effective than the glitz of showbusiness and success of personal charisma. His ongoing political popularity rests not only on his deployment of media in his own political performance, but also more broadly on the convergence of entertainment and politics as it is experienced in the Philippines (and in other parts of the world) through emotional connections with audiences who are also publics.”²⁶

Sa katunayan maging hanggang sa kasalukuyan ay patuloy ang pag-utilisa ni Duterte sa mekanismo ng melodramatikong pag-akto. Wika nga ng presidente ng Public Relations Society of the Philippines na si Ron Jabal sa isang akademikong pagtitipon: “Duterte is not just giving you information but providing you drama . . . He’s giving you a performance. He’s performing.”²⁷ Hindi rin kalabisan ang ipilit na maging ang presentasyon kay Duterte bilang mapagpakumbaba at may simplistikong pamumuhay ay bahagi parin ng mala-teleseryeng tagpo at pagsunod sa “plot” ng “script.” Halimbawa sa mga itinatampok ay ang pagiging payak ng kanyang tahanan sa siyudad ng Davao. Mayroon pang larawan niyang kumalat kung saan siya ay natutulog sa kamang may nakapalibot na kumalbo. Ibinalita pa nga na namangha ang Punong Ministro ng bansang Hapon na si Shinzo Abe sa





kapayakan ng buhay ni Duterte nang dumalaw ito sa kanyang tahanan sa Davao.²⁸ Ang pagtanggap niya sa pananatili sa Palasyo ay binigyang katuturan din bilang pagpapakita ng kababaang loob. Inilarawan siya sa isang balita sa pamamagitan ng ganitong deskripsyon: “From a reluctant candidate, to a reluctant Palace occupant.”²⁹ Bukod sa pagpapasyang manatili sa Bahay Pangarap sa Maynila (na tinuluyan din ni Noynoy), minsan ding sinabi na nais niyang magpabalik-balik sa Maynila at Davao upang makatulog sa kanyang orihinal na bahay na siyang tinutuluyan ng kanyang pamilya sa Davao.³⁰ Maging ang maliliit na mga detalye tulad ng kanyang pagkain ay pinagtuunan din ng pansin ng midya. Ayon sa mga kinapanayam na mga komandante ni Duterte, matapos daw ang eleksyon ay umuwi si Duterte sa kanyang tahanan at kumain ng kanyang paboritong paksiw na isda.³¹ Patuloy pa ang “down-to-earth” na imaheng nalikha sa pamamagitan ng pangako na magkakaroon ang pamahalaan ng “grievance hotline,” kung saan maaaring direktang matawagan ng taumbayan ang pamahalaan kung mayroon silang mahalagang reklamo.³²

B. Kontra-Amerikanong Tindig, Suliranin sa Mindanao, at ang Kritika sa Imperyalismong Maynila

Isa sa mga lantad na tema sa rehimeng Duterte na kakikitaan ng pagbangga ng kultura sa burukrasya ay ang pag-atake sa pinaka pinagmumulan mismo ng impluwensyang Kanluranin sa pulitikal na istruktura ng bansa, ang Estados Unidos. Maaaninag ito halimbawa sa mainit na dugo ni Duterte sa mga sundalong Amerikano at sa kanilang base-militar sa bansa. Sa kanyang talumpati sa mga negosyanteng Hapon noong dumalaw siya sa Tokyo, sinabi niya:

“I have declared I will pursue an independent foreign policy. I want, maybe in the next two years, my country free of the presence of foreign military troops . . . I want them out and if I have to revise or abrogate agreements, executive agreements, I will.”³³

Gaya ng winika dito ng pangulo, ang dahilan ng negatibong trato niya sa mga base-militar ay dulot ng kagustuhang idistansya ang relasyon ng Pilipinas sa Estados Unidos. Ipinahayag pang mas gusto niyang ituan ang pansin ng Pilipinas sa ibang bansa gaya na lamang ng Tsina. Sa naganap





na Belt and Road Forum for International Cooperation, nakipagpulong si Duterte sa Punong Ministro ng Tsina na si Li Keqiang at nangako sa huli sa siryoso siya sa kanyang kagustuhan na mas paigtingin pa ang relasyon ng dalawang bansa.³⁴ Sa isa pa ngang talumpati na naging kontrobersyal kamakailan lang, nagbiro ang pangulo na gawin na lamang probinsya ng Tsina ang Pilipinas,³⁵ bukod pa sa pagsasabi na kung babae lamang ang Tsina ay niligawan niya na sana ito.³⁶ Bukod sa Tsina, ipinahayag din ni Duterte ang pagnanasa na payabungin ang koneksyon sa Ruso, lalo pa't lubos niyang hinahangaan ang pinuno nitong si Vladimir Putin.³⁷

Ang maituturing na isa sa pinaka pinag-ugatan ng antagonistikong turing ng rehimeng Duterte sa Estados Unidos ay ang makailang ulit nitong pagpuna sa kampanya ng Pilipinas kontra droga, partikular na sa isyu ng karapatang pantao na sa wari nila'y nasasakripisyo sa Oplan Tokhang. Galit na ipinahayag ng pangulo na hindi siya "tuta" ninuman, lalo na ng Estados Unidos.³⁸ Ang pahayag na higit na naging kontrobersyal ay ang pagmura niya sa pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama.³⁹ Ayon kay Adele Webb, ang ganitong mga buwelta ay nag-resonahe sa maalab na damdamin ng mga Pilipino na may mahabang pangkasaysayang karanasan sa ilalim ng dominasyong Amerikano. Habang ang internasyunal na komunidad ay nagulantang sa mga pahayag ni Duterte laban sa Amerika, maraming mga Pilipino ang nagdiwang dahil sa wari nila'y kinatawan ni Duterte ang kolektibong poot ng isang maliit na bayang napuno na ang salop dahil sa matagal na paniniil ng isang higenteng bansa, kaya't handa nang lumaban. Ika nga ng isang sumulat sa Philippine Daily Inquirer:

"The first lesson from President Duterte is the charisma seen worldwide in a David who stands up to an overbearing Goliath like US President Barack Obama or an arrogant world organization like the United Nations. It does not matter what the issue is, who is right or wrong, or that Mr. Duterte has a 'bad mouth.' No Third World leader has defied a Goliath since the days of Malaysia's Mahathir Mohamad and India's Mahatma Gandhi."⁴⁰

Sa parehong mapagdiwang na tono ay kinomento ni Webb:

"In telling Obama to mind his own business, the president behaved badly, but in this very subversiveness lies his appeal.





The more his erratic and undisciplined behavior draws the disapproval of an international crowd, the more compelling to many is his leadership. Why? Because he embodies the scrutinized Filipino 'native' subject of history, subordinated and looked down upon by the 'foreign' outsider; in standing up for 'the people,' he signifies a refusal to continue the indignity of the past."⁴¹

Bilang pagpapatibay sa tesis ng papel, isa sa mga pinaka interesanteng tugon ni Duterte sa puna ng Estados Unidos sa kampanya kontra droga ay ang paggamit ng pangulo sa kasaysayan. Ipinahayag ni Duterte na nagpapaka-ipokrito mga Amerikano sa pagpapakita na nag-aalala ito sa lagay ng karapatang pantao sa Pilipinas, gayong napakaraming kasalanan ng kanilang bansa sa Pilipinas. Isa sa mga ito na binanggit ni Duterte ay ang paglipol ng mga Amerikano sa mga mamamayang Muslim ng Bud Dajo sa Sulu noong panahon ng kolonyalismong Amerikano.⁴² Sinabi niya na hindi man lamang nga humingi ng tawad ang mga Amerikano rito.⁴³ Ipinagdiinan ni Duterte noong siya ay nagbigay ng talumpati sa Laos sa gitna ng diplomatikong pagpupulong ng iba't ibang bansa, na nagkasala ang mga Amerikano sa kanyang mga "ninuno."⁴⁴ Sa pamamagitan ng ganitong wika ay malinaw na ginamit ni Duterte ang kanyang pagiging pinaka unang pangulong nagmula sa Mindanao. Ayon kay Altez at Caday, liban pa sa pagiging Mindanaoan, ang koneksyon niya sa mga Moro ng Mindanao ay higit pang pinatibay ng katotohanang ang kanyang lola ay isang purong Meranao. Sa katunayan, nagamit niya ito bilang kalakasan sa kanyang kampanya, na hayagang mapapansin sa isa niyang talumpati sa mga Muslim ng Mindanao:

"If I become President, if Allah gives his blessing, before I die since I am old, I will leave to you all a Mindanao that is governed in peace."⁴⁵

Liban pa rito, minsan niya ring sinabi:

"Let us establish an independent nation in Mindanao, and we will call it the republic of Mindanao."⁴⁶





Malinaw na ipinalabas ni Duterte na ang kanyang negatibong trato sa mga Amerikano ay hindi lamang dulot ng personal na sama ng loob sa mga ito, bagkus ay pagkatawan sa kolektibong galit ng mga Mindanaoan sa Estados Unidos. Maaalalang ang mga Amerikano ang dahilan kung bakit naisama ang Mindanao sa kalakhang teritoryo ng Pilipinas. Ang humigit-kumulang apat na siglong pagpapagal ng mga Kastila ay hindi naging sapat upang maipasailalim ang Mindanao sa Las Islas Filipinas. Gayunman, napahina ng napakaraming ekspedisyong militar kapwa ang Sultanato ng Sulu at Maguindanao, kaya naman pagpasok sa eksena ng mga Amerikano ay madali na itong nagapi at namanipula.⁴⁷ Maraming mga Muslim ang nawalan ng lupa dahil sa mga batas at polisiyang isinakatuparan ng kolonyalismong Amerikano.⁴⁸ Sa pinoprosesong disertasyon ni Propesor Bayona na iniharap niya sa isang akademikong pagpupulong sa PUP kamakailan, ginamit niya ang konsepto ng “inherited destinies” upang patunayan na matapos makamit ng Pilipinas ang kalayaan mula sa Estados Unidos ay naipamana ng mga Amerikano sa bagong Republika ang kontrol para sa kahihinatnan ng Mindanao. Nang makuha ng Pilipinas ang independensya, hindi naman naging malaya ang Mindanao, bagkus ay nagpalit lamang ito ng panginoong kolonyal.⁴⁹ Sa katunayan, ayon sa nakaraang dekanong Institute of Islamic Studies ng UP na si Julkipli Wadi, mas tumindi pa nga ang naging kalalagayan ng Mindanao sa ilalim ng Republika ng Pilipinas. Ani ni Wadi, nang makalaya ang Pilipinas mula sa Estados Unidos, ito ay napasailalim sa “neo-colonialism” ng dating mananakop. Ngunit iba ang sitwasyon sa katimugang bahagi ng bansa. Sabi niya, masyadong magaan ang terminong “neo-colonialism” upang isalarawan ang kasalukuyang kalagayan ng Mindanao. Ang kalunos-lunos na sitwasyon sa Mindanao ay mas angkop na isalarawan sa pamamagitan ng dalumat ng “multiple colonialism.”⁵⁰ Hindi lamang ito nasa ilalim ng neo-kolonyalismong Amerikano at multi-nasyunal na mga korporasyon, ito ay sakal-sakal din ng imperyalismong Maynila.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng paggamit sa kaso ng Bud Dajo, inihanay ni Duterte ang kanyang sarili sa kapalaran ng Mindanao at kinastigo kapwa ang Estados Unidos at ang mga elit ng Maynila. Kasama sa malawakang retorika ni Duterte ay ang iprisinta ang Estados Unidos at mga oligarko ng Maynila bilang magkasabwat sa pagpapahirap sa mga Pilipino, kabilang na ang mga Moro. Mahirap na hindi mapansin na





ang ganitong litanya ay may pagkakahawig sa tindig ng Kaliwa, ang pag-atake kapwa sa neo-kolonyalismong Amerikano at sa mga naghaharing uri sa Maynila. Ang kanyang inihain na solusyon upang malabanan ang kambal na banta ng dalawang naturang grupo ay ang Pederalisasyon. Ipinipilit niya, simula palang noong siya ay alkalde palang ng Davao, na ang tanging makakasagot lamang sa matagal nang suliranin ng Mindanao ay ang basagin ang monopolyo ng kapangyarihan sa Maynila at ikalat ito sa buong arkipelago.⁵¹

Muli, ang mga ito ay sumusuhay na naman sa tesis ni Teehankee. Ang “EDSA Regime” na pinangangalagaan ng mga elitista ng Maynila ay itinuturing ding sinusuportahan ng neo-kolonyalismong Amerikano. Gayundin, ang kasalukuyang dominanteng burukrasya na pinapamunuan ng mga oligarko ng Maynila ay impluwensyado rin ng Estados Unidos. Sa retorika ng “Post-EDSA Regime” ni Duterte, hinahati sa dalawa ang arenang pulitikal. Sa hanay ng mga kontrabida, nariyan ang mga Aquino sampu ng mga pulitiko at negosyanteng mga “Dilawan,” Simbahang Katoliko, at ang nangingialam na Estados Unidos at United Nations. Sa hanay naman ng mga tagapagligtas na dating inapi ay ang mga Marcos, mga Moro, si Duterte, at ang tinaguriang “DDS” o mga sumusuporta kay “Tatay Digong.” Sa ganitong dikotomiya, ang kanluraning burukrasya ay isinasama sa unang grupo, habang ang ikalawang pangkat ay itinatanghal bilang tunay na tagapaglulan ng kultura at lehitimong tagapangalaga ng kasaysayang Pilipino.

C. Kampanya Kontra Droga, Awtoratikong Imahe, at Puna sa Liberal na Demokrasya ng Kanluran

Liban pa sa Estados Unidos, isa pa sa mga hinamon ni Duterte ay ang United Nations, sampu ng mga institusyon at samahan sa Pilipinas na kaisa ng United Nations sa kanilang kritika sa rehimeng Duterte. Ang sanhi ng kanyang pagkagalit dito ay tulad din ng sanhi ng antagonismo niya sa Estados Unidos: ang mga puna nito sa kanyang kampanya kontra droga at ang isyu ng karapatang pantao. Sa katunayan, bago pa siya manalo bilang pangulo, noon pa mang panahon ng kampanya ay nakatutok na sa kanya ang Commission on Human Rights (CHR), Ombudsman at Department of Justice (DOJ).⁵² Ang kanilang paghihinala ay bunga ng akusasyon kay Duterte na nakapagsagawa raw ito ng “extra-judicial killings” (EJK) sa





Davao bilang alkalde ng bayan sa loob ng dalawampu't dalawang taon. Mas tumindi ang disidenteng mga boses kay Duterte nang maging pangulo na ito at maipatupad na ang Oplan Tokhang, na naglalayon ng malawakang paghuli sa mga gumagamit at mga nagbebenta ng droga. Ayon kay Jayson Lamchek, sa loob ng unang pitong buwan ni Duterte sa puwesto, tinatayang pitong libo na ang namatay sa kampanya kontra droga na isinagawa ng dalawang libro at limang daang kapulisan.⁵³ Umani ito ng samu't saring batikos. Halimbawa, ang dating pangulo ng Colombia na si Cesar Gaviria ay sumulat sa *Time* ng ganito:

“Hitler massacred 3 million Jews. Now there are 3 million drug addicts. I'd be happy to slaughter them,” Rodrigo Duterte, the Philippines' President, has said. His approach is as ill considered as his grasp of history (more than half of Hitler's 11 million victims were Jewish). Since Duterte's inauguration last year, some 7,000 people have been killed. His ironfisted strategy alarms governments, human-rights organizations and faith-based groups while winning high approval ratings at home. When I was President of Colombia, I was also seduced into taking a tough stance on drugs. But after spending billions, I discovered that the war was unwinnable and the human costs were devastating. The cure was infinitely worse than the disease.”⁵⁴

Noon pa mang Oktubre ng 2016 ay humingi na ng kopya ang CHR ukol sa ulat ng kapulisan sa kanilang mga operasyon kontra droga mula buwan ng Mayo ng parehong taon. Gamit ang mga ulat na ito ay nagsimulang mag-imbetiga ang CHR.⁵⁵ Ang simbahang Katoliko Romano sa Pilipinas ay nagbigay din ng kritisismo kay Duterte. Nagpahayag ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) na maaasahan ang hindi napapatid na pagpuna nila sa kalabisan ng kampanya ng pangulo kontra droga.⁵⁶ Liban pa sa kampanya kontra droga, negatibo rin ang naging tugon ng simbahan sa panukala ng pamahalaang ibalik ang kaparusahang pagbitay sa mga kriminal.⁵⁷ Ang radikal na kampanya ni Duterte kontra droga ay naging sanhi rin ng pagpapangalan sa kanya bilang isa sa isang daang pinaka maimpluwensyang tao sa buong mundo sa taong 2017, na naungusan pa





sina Pope Francis, Bill Gates, at Mark Zuckerberg.⁵⁸ Ngunit ang rurok ng pagbulalas ng mga puna sa programa ni Duterte ay sumulpot matapos maganap ang kontrobersyal na pagpatay sa labing-pitong taong gulang na si Kian delos Santos noong Agosto 2017.⁵⁹ Isa sa mga pangunahing tumugon dito ay ang CHR sa ilalim ng pinuno nitong si Jose Luis Martin Gascon o mas kilala bilang “Chito” Gascon. Sa isang lektura sa Ateneo na pinaunlakan ni Gascon, ipinahayag niya ang suporta sa pagkilos ng mga internasyunal na mga grupo laban sa kampanya kontra droga ng pangulo, at idinagdag pa na lehitimo ang pangiangialam ng United Nations na isyu ng karapatang pantao sa Pilipinas kaya naman hindi sila maaaring baliwalain ni Duterte.⁶⁰

Noong Abril ng 2017, sumulat ng bukas na liham ang Amnesty International sa kalihim ng DOJ na si Vitaliano Aguirre II ukol sa pag-aalala nito sa karapatang pantao sa Pilipinas. Hinimok nito ang kagawaran na magsagawa ng isang obhektibong imbestigasyon at pagdinig ukol sa mga kaso ng EJK na bunsod ng kampanya ng rehimeng Duterte kontra droga. Pumirma dito ang mga kinatawan ng samahan mula Australia, Belgium, Canada, Germany, Hong Kong, India, Indonesia, Japan, Korea, Malaysia, Mongolia, Nepal, New Zealand, Netherlands, Norway, Spain, Thailand, Taiwan, United States, at Pilipinas.⁶¹ Ang United Nations Human Rights Council ay nagpahayag din ng apila sa nangyayari sa Pilipinas. Ayon sa pinuno nitong si Zeid Ra’ad Al Hussein:

“In the Philippines, I continue to be gravely concerned by the President’s open support for a shoot-to-kill policy regarding suspects, as well as by the apparent absence of credible investigations into reports of thousands of extrajudicial killings, and the failure to prosecute any perpetrator . . . The recent killing of a schoolboy who was dragged into an alley and shot in the head by plains-clothed policeman on August 16 was described by the Minister of Justice as ‘an isolated case.’ However, suspicion of extrajudicial killings has now become so widespread that the initials EJK have reportedly become a verb in some communities—as in ‘he was EJKed.’⁶²





Subalit ang maituturing na pinaka agresibong pagkilos ng internasyunal na komunidad laban sa rehimeng Duterte ay ang pagsasampa rito ng kasong “crime against humanity” sa International Criminal Court (ICC).⁶³ Ngunit hindi natinag si Duterte sa alin man sa mga ito. Sa isang talumpati ay nagbato ng maaanghang na mga tirada si Duterte laban sa UN:

“Ang mahirap nitong United Nations, you guys, you are employed by an organ composed of nations whose officials are elected by the people. Kayong mga opisyal, sitting there on your asses, we pay you your salaries. You idiot, do not tell me what to do. I am your employer, and do not do it to a nation. Who gave you the right? Kulang kayo ng international law. Kami ang may contribution sa United Nations, kung hindi ka ba tarantadong, p—ina ka, at ako ang nagbabayad sa sweldo mo. Huwag kang magsalita diyan akala mo ako ang empleyado mo. I am a member state, a sovereign state. Kulang kayo ng international law. Kami ang may contribution sa United Nations, kung hindi ka ba tarantadong, p—ina ka, at ako ang nagbabayad sa sweldo mo. Huwag kang magsalita diyan akala mo ako ang empleyado mo. I am a member state, a sovereign state.”⁶⁴

Habang kaharap ang pinuno ng iba’t ibang miyembrong bansa ng ASEAN, pinagdiinan ni Duterte ang kahalagahan ng paggalang sa “law of non-intervention.” Ayon sa kanya, mas magiging produktibo ang relasyon ng mga bansa kung respetuhin ang pagiging malaya ng bawat isa. Lalo’t higit itong totoo sa kaso ng pakikipag-ugnayan ng mga Kanluraning bansa at mga samahan sa mga bansa sa Asya. Sinabi niya na dapat na raw itigil ng Kanluran ang panghihimasok sa mga isyu ng mga bansang Asyano, partikular na ang mga puna nito sa kampanya niya kontra droga.⁶⁵ Hinimok pa niya ang mga kaalyadong bansa sa ASEAN na mahalaga ang kanyang programa, yamang maging sa kanilang mga bansa ay laganap din ang banta ng droga.⁶⁶ Maging ang kanyang mga kaalyado ay matapang ding tumugon sa UN. Halimbawa, ang Tagapagsalita ng Kapulungan ng mga Kinatawan na si Pantaleon Alvarez ay nagwika na wala naman daw silbi ang UN kaya dapat na itong buwagin. Ani niya, ang dapat na buuin ay ang “United Nations of Asia,” upang maprotektahan ang mga Asyano laban sa pangiangalam ng mga Kanluranin. Dinagdag pa niya na ang tunay na





banta ay hindi ang kampanya ni Duterte kontra droga, bagkus ay ang panghihimasok ng mga Amerikano sa mga bansang may soberanya.⁶⁷

Ang mga ganito at iba pang kawangis na mga retorika ang ginamit ng rehimeng Duterte upang itanghal ang Estados Unidos, United Nations, at ang Kanluran sa kalakhan bilang mapagbalat-kayong mga elemento na nagkukunwaring nag-aalala sa kalagayan ng Pilipinas. Sa pamamagitan nito ay nailantad niya ang liberal na demokrasya bilang hungkag na banyagang konseptong ginagamit lamang upang maaktuwalisa ang dominasyon ng Kanluran sa mga bansa ng Ikatlong Mundo. Halimbawa, ang peryodistang masugid na tagasuporta ni Duterte na si Sass Sasot ay nagsulat sa Manila Times ng artikulong kumakastigo sa hindi pantay na pagtrato ng Estados Unidos at United Nations sa kampanya kontra droga sa Pilipinas at sa Mexico. Pinagkumpara niya ang lagay ng dalawa at sinabi na habang pilit na ginigipit ng Estados Unidos si Duterte sa Pilipinas, hindi naman nito pinakialamanan ang kampanya kontra droga sa Mexico, sa kabila ng katotohanang mula 2007 hanggang 2014 ay umabot na sa 160,000 ang biktima sa naturang bansa.⁶⁸ Nasambit din ni Propesor Abueg sa isang akademikong pagtitipon na ang mga may kaso lang naman ng “crimes against humanity” ay mga maliliit na bansa sa Asya at Aprika, habang ang mga malalakas na bansa sa Kanluran ay binibigyan ng espesyal na trato at pinalalagpas.⁶⁹

Sa parehong linya ng pangangatwiran ay pinagpilitan ni Duterte at mga kaalyado na ang konsepto ng karapatang pantao ay isa lamang banyagang konseptong hindi lapat sa kaligirang kultural ng mga bansang Asyano. Sa isang pahayag pa nga ay nagwika ng ganito si Duterte:

“Huwag kayong makinig dyan sa human rights, because human rights is always the anti-thesis of government.”⁷⁰

Dinagdag niya pa na ang paglalapat sa Pilipinas ng mga Kanluraning konsepto ng karapatang pantao at pagpaparusa sa pamamagitan ng pagkulong sa mga kriminal ay pag-aaksaya lamang ng oras.⁷¹ Ang mga sumusuporta kay Duterte ay umaalma na hindi naman daw naiintindihan ng mga Kanluranin ang nangyayari sa Pilipinas sa partikular at sa Asya sa pangkabuuan, dahil sila ay mga banyagang may naiibang karanasang pangkasaysayan. Ayon pa sa ganitong argumento, ang Kanluran ay malabis





na nagbibigay kapakanan sa karapatang pantao dahil sa kanilang diin sa indibiduwalismo. Mahalaga sa kanila ang karapatang pampulitika at panlipunan ng indibiduwal. Gaya nga ng sinabi ng Amerikanong sosyolohista na si John Macionis, maibubuod sa iisang salita ang kulturang pampulitika ng Estados Unidos: indibiduwalismo.⁷² Samantala, sa Asya ay mas pinapahalagahan ang komunidad higit sa indibiduwal. Kaya naman, marapat na ang indibiduwal ay magsakripisyo para sa ikabubuti ng higit na nakararami sa lipunan. Madalas na gamitin sa puntong ito ang ehemplo ni Lee Kwan Yew sa Singapore. Ayon sa kanila, ang awtokratiko at disiplinadong pamumuno niya ay nagbunsod sa pagkamit ng Singapore sa kasalukuyang pang-ekonomiyang pag-unlad na tinatamasa nito ngayon.⁷³

Sa loob ng ganitong balangkas ay hindi mahirap gawing lehitimo ang awtokratikong pamumuno ni Duterte. Sapagkat kung ilalagay sa ganitong kaligiran, makikita si Duterte bilang sumusunod lamang sa dikta ng kultura. Habang ang binibigyang diin sa liberal na demokrasya ng Kanluran ay indibiduwalismo (kaya naman mahalaga ang karapatang pantao), mas kinikilingan naman ng mga komyunal na kultura sa Asya ang kolektibong ikabubuti ng bayan. Sa una ay mas bagay ang mga pangulong tulad nina Noynoy at Obama. Ngunit sa ikalawa ay mas angkop sina Duterte, Marcos, Lee Kwan Yew, Kim Jong Un, at sampu ng mga awtokratikong pinuno ng mga Islamikong lipunan, sapagkat nangangailangan ng malakas na pinuno ang mga kulturang komyunal upang mabilisang maipatupad ang nais na mga programa nang hindi na dumadaan sa napakahabang demokratikong proseso. Sa ganitong konteksto dapat intindihin ang mga pahayag ni Duterte ukol sa kanyang pagiging “diktador.” Noon pa mang panahon pa lamang ng kampanya ay nagwika na si Duterte ng ganito:

“I am a dictator? Yes it is true. If you don’t like it then don’t vote for me.”⁷⁴

Kamakailan lamang ay nagbulalas din siya ng parehong mensahe:

“If you say dictator, I am really a dictator. Because if I don’t [act like a] dictator . . . nothing will happen to this nation. That’s true.”⁷⁵





Bago rin opisyal na maupo sa pwesto ay pinaalalahanan na niya dati pa ang oposisyon na kapag nangialam sa kanya ang mga institusyon tulad ng Kongreso, CHR, Ombudsman at ang Korte, hindi siya mangingiming umakto bilang diktador habang nasa likod niya ang militar at kapulisan.⁷⁶ Habang marami ang nagugulantang sa ganitong mga pahayag, madali lamang makita kung paano ito nakakabit sa sistematikong sapot ng retorikang Duterte, kung ikokonsidera ang mga natalakay sa itaas: na ito ay pagtalima lamang sa awtokratikong tradisyong nakaugat sa kulturang Asyano.

Paglalagom

Sa isang personal na komunikasyon ng isa sa mga mananaliksik kay Dr. Vicente Villan ng UP Departamento ng Kasaysayan, ipinahayag niya ang kanyang opinyon ukol sa relasyon ni Duterte sa kulturang Pilipino, at kung paano bumabangga ang ugnayang ito sa diwang Kanluranin:

“Nakita ko Mark Joseph Pascua Santos na ang tinutugunan ng papel batay sa iyong inilahad ay kung papaanong ang istelo ng pamumuno ni Duterte ng katapangan at malasakit ayon na rin islogan ng kaniyang kampanya noon at isinasakatuparan ngayon ay tinanggap ng sambayanan. Ang kahayagan ng kaniyang katapangan ay nakita natin sa pamamagitan ng paglatigo niya sa huwad at hungkag na pangako EDSA, pagiging di angkop ng liberal democracy ng kanluran, at pagsalungat laban sa kanluraning ideya ng human rights na isinusulong ng UN. Habang sa malasakit naman ay nakatuon sa tangkang pagpapagaan sa buhay ng mga sektoral na pangkat-mag aaral (free tuition), magsasaka (free irrigation), ofws (OFW bank at special envoy for OFW), train (pagpasan ng upper class at middle sa buwis para sa triple b project) etc. Sa kultural na perspektibo, ang tapang ay isa tatlong manipestasyon ng dungan (isug, kusog, kinaadman) na mahalaga sa pamumunong bayan. Nasa isug makikita ang tapang, giting at inaasahang bisa ng bayan sa isang pinuno na walang dudang wala kina cory, tabako, erap at lalo kay pnoy. Ito ang dahilan kung bakit hindi natitinag ang bayan sa kanilang suporta kay digong kahimat sanlaksang





paratang ang pinagsaluhan ng elite-amerikano upang siya ay pabagsakin sa tulong pa ito ng sektor media at academe. Itong dalawang sektor lalo ang huli ay tuwirang bighani ng kanluran at maging ng ideolohiya ng silangan. Pawang umangkin o sumalo sa ipot na idelohiyang kapwa nanggaling sa labas. Hindi nauunawaan ng mga ito ang taal na konsepto ng pamumunong bayang nakasalig sa ideya ng sakop na inaral ni Zeus Salazar gayunma'y di naipook sa dungan bilang pinagnunukalan ng gahum sa pamumuno. Lalong wala ring pagsilip na nakikita mula sa sosyolohiya at agham pampulitika upang unawain ang political culture ng mga Pilipino na nagpatuloy mula sa kadatuan tungong panguluhan. Ang ideya ng sakop at dungan ang pundamental na kaisipan para maintindihan ng mga ito ang malalim na diwa at kamalayang pulitikal ng mga Pilipino. Nakasandig din dalawang ito ang pag-unawa sa pahinungod ng lahat ng gawain sa paglilingkod bayan, karapatang pantao, at pinaiiral na batas alinsunod sa matagal ko nang hinihiyaw na kaloobang bayan—buhay, ginhawa, at dangal!"⁷⁷

Sa loob ng simple ngunit makulay na retorika ng rehimeng Duterte, naiprisinta ang pangulo bilang pinunong nakaugat sa kulturang bayan. Sa balangkas na ito, ang konsepto ng pagbabago sa islogang "Change is coming" ay binigyang kahulugan hindi bilang pagdating ng panibagong mga sistema't ideya, bagkus ay pagbabalik-loob sa kalinangang Pilipino. Kailangan ang pagbabalik-loob sapagkat tatlong dekadang nahiwalay at napadpad sa malayo ang burukrasya. Napasa-kanluran ito at nahumaling sa liberal na demokrasya. Ang indibiduwalistikong diin ng karapatang pantao ng Kanluran ay iniharap vis-à-vis sa komyunalismong prayoridad ng Silangan. Ito ay nagsilbing lehitimasyon sa uri ng awtokratikong pamamahala ng pangulo. Isinaad na naka-ugat lamang ito pilosopiyang pampulitika ng mga bansang Asyano na nanganak ng Lee Kwan Yew ng Singapore, Mahathir Mohamad ng Malaysia, Kim Jong Un ng North Korea, at mga awtokratikong pinuno ng Kanlurang Asya. Ang mga demokratikong pinuno ng "EDSA Regime" mula kay Cory hanggang kay Noynoy ay itinanghal bilang hindi lapat sa naiibang karanasang Pilipino na humihingi ng mga pangulong "strongman" gaya nina Marcos at Duterte. Ang paghanay





ng huli sa una ay lantad na lantad sa proyekto nitong “historical amnesia,” na naisagawa sa pamamagitan ng pagpapalibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani, pagsuporta sa kandidatura ni Bongbong, at hindi pagpansin sa pagdiriwang ng EDSA.⁷⁸

Upang tuluyang maibandera ang sarili bilang tunay na tagapaglulan ng diwang Pilipino, hinagupit isa-isa ang mga puwersa ng EDSA at mga kapanalig nito: mula sa simbahan at mga oligarko ng Maynila, hanggang sa patron nilang Estados Unidos at United Nations. Itinambad na kaya mabango si Noynoy sa mga internasyunal na komunidad kumpara sa masangang na reputasyon ni Duterte ay sagpagkat ang una’y nakakapit sa banyagang burukrasya samantalang ang ikalawa’y nakasalig sa kulturang Pilipino. Kaya naman sa Pilipinas ay kabaliktaran ang turing sa dalawa: habang papasama ang pagtingin kay Duterte ng mga banyaga sa labas ay papainam naman ang trato sa kanya ng mga Pilipino sa loob. Patuloy pa ang pagsakay sa daloy ng kultura sa pamamagitan ng pag-utilisa sa imahe bilang ama: “Tatay Digong.” Isang amang dumidisciplina sa mga anak na pariwala (i.e. mga lulong sa droga) at gumagamit ng kamay na bakal para mapanatiling buo ang pamilya. Kapag kinanti ang tatay ay tila mga bubuhog na lulusob ang mga anak upang ipagtanggol ito. Hindi na marahil nakapagtataka kung bakit sa kabila ng samu’t saring mga kontrobersyang umiinig sa kanyang rehime ay nananatili paring malaki ang porsyento ng kanyang suportang galing sa masa. Ang mga pagmumura, pag-astang siga, kawalan ng pormalidad at pagsasambit ng mga seksistang pahayag ay hindi nakabawas sa pagkabighani ng mga tao kay Duterte. Sa halip ay nakapagpadagdag pa nga ito dahil tinanggap ito bilang kapareho sa pang-araw-araw na lengguwaheng naririnig ng isang tipikal na Pilipino sa komunidad. Matapos masulyapan ang lahat ng ito ay tila mahirap pabulaanan ang kuro ng isang kapwa dalubguro sa kagawaran ukol sa posibilidad na marahil mayroong mga antropologong tagapayong nakapalibot kay Duterte mula pa man noong kampanya.

Subalit tila kailangang iwang nakabitin ang isang tanong na marapat ikonsidera para sa mga susunod pang saliksik. Ang pagkastigo ba ni Duterte sa burukrasyang latak ng Kanluran at pagsakay sa kulturang bayan ay sapat na lehitimasyon ng kanyang rehime? Batayan ba ito upang ipagkatiwala ang direksyong tatahakin ng bayan sa susunod na apat na taon, kung bababa man sa puwesto?



Mga Tala

1. Alfred McCoy, *An Anarchy of Families: The Historiography of State and Family in the Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994).
2. Ibid.
3. Michael Cullinane, "Patron as Client : Warlord Politics and the Duranos of Danao." In *Anarchy of Families*, ed. Alfred W. McCoy (Quezon City: Ateneo de Manila Press, 1994).
4. G.M. Guthrie, *The Psychology of Modernization in Rural Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1959).
5. Michael Cullinane, "Patron as Client: Warlord Politics and the Duranos of Danao" in *Anarchy of Families* edited by Al McCoy.
6. James Fallows, "A Damaged Culture," *The Atlantic*, inilathala noong Nobyembre 1987, matatagpuan sa theatlantic.com/magazine/archive/1987/11/a-damaged-culture/505178/, inakses noong 24 Oktubre 2017.
7. Randolph S. David, *Understanding Society, Culture, and Politics* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2017), p. 60.
8. Ferdinand E. Marcos, *The Philippine Experience: A Perspective on Human Rights and the Rule of the Law*, pp. 26, 30–31.
9. Carmen A. Abubakar, "Is Islam Compatible with Democracy," sa Maria Serena I. Diokno at Miriam Coronel Ferrer, mga patnugot, *Democratic Transitions, Kasarinlan: Philippine Quarterly of Third World Studies, Volume 12 Number 1 3rd Quarter 1996*, pp. 25, 40–42.
10. Arlene Torres-D'Mello, *Brown Outside, White Inside: A Study of Identity Development among Children of Filipino Immigrants in Australia* (Quezon City: Giraffe Books, 2003), p. 81.
11. Ibid., p. 89.
12. Randolph S. David, "Blindsided by Duterte: A Postmortem," *Public Lives, Philippine Daily Inquirer*, A1, 12 Mayo 2016.
13. Julio Teehankee, "Was Duterte's Rise Inevitable?" sa Nicole Curato, patnugot, *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency* (Lunsod Quezon: Bughaw, 2017), pah. 37–53.

14. Tingnan ang Zeus Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," sa Salazar, patnugot, *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Caritas Association for the City of Cologne, 1983); gayundin ang Zeus Salazar, "Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan," sa Atoy Navarro et al, mga patnugot, *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), pah. 94.
15. Francis Fukuyama, *The End of History and the Last Man* (New York: Free Press, 1992), pah. xi.
16. Francisco Nemenzo, "The Millenarian-Populist Aspects of Filipino Marxism," sinipi sa Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 2009), pah. 5.
17. Efren Abueg, "Ang Retorika sa Panahon ni Duterte at Trump: Globalisasyon, Nasyonalismo at Panitikan," papel na binasa bilang bahagi ng Serye ng Lekturang Propesoryal noong ika-23 ng Pebrero, 2018, sa Nemesio Prudente Hall, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Maynila.
18. Anthony Q. Esguerra, "The fist bump is the architecture that allows fake news"—ex-DepEd chief," *Inquirer.Net*, nilathala noong 13 Pebrero 2018, matatagpuan sa <http://newsinfo.inquirer.net/968547/the-fist-bump-is-the-architecture-that-allows-fake-news-ex-deped-chief>, inakses noong 25 Pebrero 2018.
19. Randy David, "Strongmen and the Mass Media," *Public Lives*, Philippine Daily Inquirer, A14, 30 Abril 2017.
20. Leila B. Salaverria, "Does Digong need an image make-over?" *Philippine Daily Inquirer*, A1, 3 Enero 2016.
21. John Nery, "Outrageous Duterte wants out," Newsstand, *Philippine Daily Inquirer*, A9, 5 Enero 2016.
22. Leila B. Salaverria, "Now it can be told: FVR pushed Duterte to run," *Philippine Daily Inquirer*, A3, 2 Hulyo 2016.
23. Khuey Garces, patnugot, *The Duterte Manifesto: Mga Aral Mula sa mga Banat at mga Talumpati ni President Rodrigo Duterte* (Lunsod Quezon: ABS-CBN Publishing Inc., 2016), pah. 14.



24. Sophia Dedace, "Noynoy Aquino announces bid for presidency in 2010," *GMA News Online*, 9 Setyembre, 2009, matatagpuan sa <http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/171814/noynoy-aquino-announces-bid-for-presidency-in-2010/story/>, inakses noong 25 Pebrero 2018.
25. Anna Cristina Pertierra, "Celebrity Politics and Televisual Melodrama," sa Curato, *A Duterte Reader*, pah. 226–227.
26. *Ibid.*, pah. 219–220.
27. Patrick Quintos, "'Feeling opposition,' Duterte remains on 'campaign mode': analyst," *ABS CBN News*, 12 Pebrero 2018, matatagpuan sa <http://news.abs-cbn.com/focus/02/12/18/feeling-opposition-duterte-remains-on-campaign-mode-analyst>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
28. Rina Jimenez-David, "The Tokhang Tour," *At Large, Philippine Daily Inquirer*, A15, 30 Abril 2017.
29. Marlon Ramos at Nestor Corrales, "Rody's 2nd home: Bahay Pangarap," A1, 7 Hulyo 2016.
30. Trisha Macas, "Duterte plans to shuttle between Palace and Davao City daily despite security risks," *GMA News Online*, 30 Mayo 2016, matatagpuan sa <http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/568155/duterte-plans-to-shuttle-between-palace-and-davao-city-daily-despite-security-risks/story/>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
31. "He likes to be called 'President Rody,'" *Philippine Daily Inquirer*, A14, 13 Mayo 2016.
32. Kristine Fellise Mangunay, "Rody to open hotline: 'just don't lie to me,'" *Philippine Daily Inquirer*, A6, 2 Hulyo 2016.
33. Leila B. Salaverria, "Du30: Foreign troops out in 2 years," *Philippine Daily Inquirer*, A10, 27 Oktubre 2016.
34. Catherine S. Valente, "Duterte seeks deeper relations with China," *The Manila Times*, 16 Mayo 2017, matatagpuan sa <http://www.manilatimes.net/duterte-seeks-deeper-relations-china/327436/>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
35. Nestor Corrales, "Make PH a province of China, Duterte jokes in front of Chinese envoy," *Inquirer.Net*, 19 Pebrero 2018, matatagpuan sa <http://globalnation.inquirer.net/164413/rodrigo-duterte-jest-making-ph-chinese-province>, inakses noong 26 Pebrero 2018.





36. Karl Norman Alonzo, "Duterte jokes about 'Philippines, province of China,'" *Philstar Global*, 19 Pebrero 2018, matatagpuan sa <http://old.philstar.com/headlines/2018/02/19/1789428/duterte-jokes-about-philippines-province-china>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
37. Dharel Placido, "Duterte: PH-Russia ties entering a new chapter," *ABS CBN News*, 22 Mayo 2017, matatagpuan sa <http://news.abs-cbn.com/news/05/22/17/duterte-ph-russia-ties-entering-a-new-chapter>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
38. Gil Cabacungan, "Duterte: I'm not a 'tuta' of anyone," *Philippine Daily Inquirer*, A18, 6 Oktubre 2016.
39. Dharel Placido, "Obama: I didn't take Duterte's cursing personally," *ABS CBN News*, 8 Setyembre 2016, matatagpuan sa <http://news.abs-cbn.com/news/09/08/16/obama-i-didnt-take-dutertes-cursing-personally>, inakses noong 26 Pebrero 2018.
40. Bernie V. Lopez, "Lesson from and for Duterte," *Philippine Daily Inquirer*, A14, 27 Oktubre 2016.
41. Adele Webb, "Hide the Looking Glass: Duterte and the Legacy of American Glass," sa Curato, *A Duterte Reader*, pah. 139.
42. Tingnan ang Vic Hurley, *Swish of the Kris: The Story of the Moros* (New York: E.P. Dutton Co., Inc., 1936), pah. 126–133.
43. "Pushing split with America, Counters Deep Philippine Ties," *Philippine Daily Inquirer*, A7, 31 Oktubre 2016.
44. John Nery, "Duterte's American fixation," *Philippine Daily Inquirer*, A12, 29 Oktubre 2016.
45. Jesse Angelo L. Altez at Kloyde A. Caday, "The Mindanaoan President," sa Curato, *A Duterte Reader*, pah. 116.
46. Garces, patnugot, *The Duterte Manifesto*, pah. 28.
